# Bagong Tipan

## Gabay sa Pag-aaral ng Miyembro ng Klase



Pabalat: *Ang Pangangaral sa Bundok*, ni Carl Bloch.
Ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum ng Frederiksborg.

© 1998 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/96
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/96
Pagsasalin ng *New Testament: Class Member Study Guide*

Tagalog
Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng
mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

# Pambungad

Sinabi ni Jesus, “Mag-aral kayo sa akin” (Mateo 11:29). Ang pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas at sa kanyang mga katotohanan ay mahalagang bahagi sa pamumuhay ng kanyang ebanghelyo. Ang inyong mga pagsisikap na saliksikin ang mga banal na kasulatan sa araw-araw ay makatutulong sa inyo upang higit na mapalapit sa kanya, dahil “ang mga ito’y nangasulat, upang kayo’y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan” (Juan 20:31).

Ang gabay na ito sa pag-aaral ay nahahati sa mga bahagi na tumutugma sa mga aralin sa kursong Doktrina ng Ebanghelyo sa Bagong Tipan. Ibinigay ng bawat bahagi ang takdang babasahin sa buong linggo at mga tanong upang mapagbuti ang inyong pag-aaral. Maaari ninyong gamitin ang mga tanong upang mapagbuti ang sariling pagsasagawa ng mga banal na kasulatan, para makahikayat sa mga miyembro ng pamilya ng mga talakayang nakasentro sa ebanghelyo, at upang makapaghandang gumawa ng mga maiaambag sa mga talakayan sa klase.

Ang gabay na ito sa pag-aaral ay mahalagang mapagkukunan ng mga pamilya. Ang bawat bahagi ay naglalaman ng mungkahi para sa isang gawain o talakayan na magdaragdag ng interes at kaibahan sa pagkatuto tungkol sa ebanghelyo sa tahanan.

Kasama din sa bawat bahagi ang sangguniang mga banal na kasulatan—isang listahan ng mga talata ng banal na kasulatan na may kaugnayan sa itinakdang babasahin. Maaari ninyong naising isulat ang mga listahang ito sa likuran ng inyong mga banal na kasulatan. Maaari din ninyong naising bumuo ng sarili ninyong sangguniang mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagpili ng mga talata mula sa listahang nasa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

Upang mabigyang-diin ang sangguniang mga banal na kasulatan sa inyong mga aklat, markahan sa inyong mga banal na kasulatan ang unang talatang nasa listahan. Maliban sa talatang iyon ay isulat kung saan matatagpuan ang kasunod na talatang nasa listahan. Ilipat sa kasunod na talata, markahan ito, at isulat kung saan matatagpuan ang ikatlong talata. Magpatuloy hanggang sa mamarkahan na ninyo ang pinakahuling talata na nasa listahan, at kumpletuhin ang pagkakaugnay sa pamamagitan ng pagsusulat sa gilid ng talatang iyon kung saan matatagpuan ang unang talata. Maaari ninyong gamitin ang sangguniang mga banal na kasulatan na ito upang kaagad matagpuan ang mga talata ng banal na kasulatan sa ibinigay na alituntunin ng ebanghelyo.

Isang karagdagang bahagi sa hulihan ng gabay sa pag-aaral ang naglalaman ng mga pahayag ng mga propeta sa mga huling araw tungkol sa mga pagpapalang dulot ng pag-aaral ng banal na kasulatan.

Magkatuwang kayo ng guro sa Doktrina ng Ebanghelyo sa pananagutang tulungan ang klase na maging matagumpay. Sinabi ng Panginoon na ang mga guro ay kailangang “mangaral . . . sa [pamamagitan ng] Espiritu ng katotohanan” at ang mga tumatanggap ng “salita ng

katotohanan" ay dapat "natanggap . . . niya ito sa pamamagitan ng Espiritu ng katotohanan" (Doktrina at mga Tipan 50:17, 19). Magpunta sa klase na handang magbahagi ng mga ideya, magtanong ng mga katanungan, magbahagi ng mga karanasan, magbigay ng patotoo, at makinig na mabuti sa guro at sa iba pang mga miyembro ng klase. Kapag napag-aralan na ninyo ang takdang babasahin at pinagbulay-bulay ang mga tanong sa gabay sa pag-aaral na ito, kayo ay mas magiging handang maranasan ang katuparan ng mga salita ng Panginoon nang sabihin niyang, "Siya na nangangaral at siya na nakatatanggap, ay nauunawaan ang isa't isa, at sila ay kapwa pinagtitibay at magkasamang magsasaya" (Doktrina at mga Tipan 50:22).

---

## "Upang Kayo'y Magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo" 1

***Isaias 61:1–3; Pagsasalin ni Joseph Smith, Lucas 3:4–11; Juan 1:1–14; 20:31***

- Ano ang matututuhan natin tungkol kay Jesucristo mula sa Juan 1:1–3, 14? (Pansinin na "ang Verbo" sa Juan 1:1, 14 ay tumutukoy sa Tagapagligtas.) Gamitin ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Juan 1:1–14 kung may makukuha nito.)
- Sinabi ni Apostol Juan na "nasa kanya [Jesus] ang buhay" (Juan 1:4). Pinatotohanan din niya na si Jesus "ang tunay na Ilaw, samakatuwid baga'y ang ilaw na lumiliwanag sa bawat tao na pumaparito sa sanglibutan" (Juan 1:9). Paano kayo nabigyan ng buhay at liwanag ng Tagapagligtas?
- Anong mga pangyayari o turo sa Bagong Tipan ang partikular na nakapagbigay inspirasyon o nakatulong sa inyo? Paano kaya matutulungang mapatatag ng pag-aaral ng Bagong Tipan sa Panlinggong Paaralan sa taong ito ang inyong patotoo na si Jesus ay ang Cristo?

### Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya

Basahin ang Juan 1:1–3. Ipaliwanag na nilikha ni Jesus ("ang Verbo" sa Juan 1:1–3) ang mundo sa ilalim ng pamamahala ng Ama sa Langit. Sama-sama kayong maglakad na mag-anak at pagmasdang mabuti ang maraming magagandang bagay na kanyang nilikha.

### Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Ang Misyon ni Jesucristo na Inordena Noon Pa

| | |
|---|---|
| Juan 1:1–5 | Mosias 3:5–10 |
| Juan 1:9–17 | Isaias 61:1–2 |
| Abraham 3:22–27 | Lucas 4:16–21 |

## “Dinadakila ng Aking Kaluluwa ang Panginoon” 2

***Lucas 1, Mateo 1***

- Ano ang matututuhan ninyo tungkol kay Maria mula sa kanyang mga pakikipag-usap sa anghel at kay Elisabet? (Tingnan sa Lucas 1:26–38, 45–49; tingnan din sa Alma 7:10.) Ano ang maaari ninyong gawin upang sundan ang kanyang halimbawa?
- Paano nakatulong sa inyo ang mga halimbawa nina Elisabet, Zacarias, Juan Bautista, Maria, at Jose na makita ang kadakilaan ng Tagapagligtas at madagdagan ang inyong pananampalataya sa kanya? Paano ninyo matutulungan ang iba na madagdagan ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Lucas 1:16, at talakayin ang kahalagahan ng pagtulong sa mga tao na “bumaling sa Panginoon” sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila ng ebanghelyo. Gumawa ng listahan ng mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan na hindi miyembro ng Simbahan o kaya ay hindi gaanong aktibong mga miyembro ng Simbahan. Manalangin kayong pamilya para sa patnubay sa pagpapasiya kung kanino ninyo maibabahagi ang ebanghelyo at kung paano gagawin ito.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Propesiya Tungkol kay Juan Bautista**

| | |
|---|---|
| Isaias 40:3 | Lucas 1:13–17 |
| 1 Nephi 10:7–10 | Lucas 1:67, 76–79 |

## “Sapagka’t Ipinanganak sa Inyo Ngayon . . . ang Isang Tagapagligtas” 3

***Lucas 2; Mateo 2***

- Ano ang mga kalagayan noong isinilang si Jesus? (Tingnan sa Lucas 2:7.) Sa paanong mga paraan tumatanggi ang mga tao sa ngayon na maglaan ng silid para sa Tagapagligtas sa kanilang buhay? Ano ang magagawa ninyo upang mapaglaanan siya ng silid sa inyong buhay?
- Bakit nagpunta sa daigdig si Jesus? (Tingnan sa 3 Nephi 27:13–16.)
- Ano ang ginawa ng “mga pantas na lalaking mula sa silanganan” nang makita nila ang batang si Jesus? (Tingnan sa Mateo 2:11.) Anong mga regalo ang maaari ninyong ihandog sa Panginoon?
- Noong kanyang kabataan, si Jesus ay “lumaki sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao” (Lucas 2:52). Sa madaling salita, siya ay umunlad sa kaisipan, sa pangangatawan, sa espirituwal, at sa pakikisalamuha sa mga tao. Ano ang ilang tiyak na mga bagay na

magagawa ninyo upang umunlad kayo sa kaisipan, pangangatawan, sa espirituwal, at sa pakikisalamuha sa mga tao?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang mga linya mula sa ilang mga himno o awitin sa Primarya tungkol sa pagsilang ni Jesus, at anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na sabihin kung ano ang pamagat ng mga himno o ng mga kanta. Umawit ng isa sa mga himno o mga awitin bilang pamilya, at talakayin ang kahalagahan ng paggunita sa pagsilang ni Jesus sa buong taon sa halip na sa tuwing sasapit lamang ang araw ng Pasko.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Ang Pagsilang ni Jesus**

| | |
|---|---|
| Isaias 9:6 | 1 Nephi 11:13–21 |
| Helaman 14:1–8 | Lucas 2:7–14 |

## "Ihanda Ninyo ang mga Daan ng Panginoon" 4

***Mateo 3–4; Juan 1:35–51***

- Anong mensahe ang ipinangaral ni Juan upang maihanda ang mga tao sa pagdating ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Mateo 3:1–2.) Ano ang ibig sabihin ng magsisi? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 7:9–10; Lucas 19:8; Mosias 7:33; Doktrina at mga Tipan 1:31–32; 58:42–43.)
- Habang binabasa ninyo ang tungkol sa pakikipagsagupaan ng Tagapagligtas kay Satanas sa ilang, ano ang natutuhan ninyo tungkol sa paglaban sa tukso? (Tingnan sa Mateo 4:1–11. Tingnan din sa Pagsasalin ni Joseph Smith ng Mateo 4:1, 5–6, 8–9, at 11.)
- Matapos makatanggap ng patotoo na si Jesus ang Mesiyas, paano sinagot ni Felipe ang mga agam-agam ni Natanael? (Tingnan sa Juan 1:43–46.) Ano ang maaari ninyong gawin upang maanyayahan ang iba na "pumarito at tingnan" ang Tagapagligtas?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Maghanda ng aralin upang matulungan ang mga miyembro ng pamilya na naghahanda para sa pagbibinyag o maghandang talakayin ang mga paraan upang matulungan ang mga nagbalik-loob na malapit nang mabinyagan. Talakayin kung bakit kinailangan ni Jesus ang binyag (Mateo 3:13–15; 2 Nephi 31:6–9) at kung bakit kailangan natin ang binyag (2 Nephi 31:5, 10–12; Doktrina at mga Tipan 20:71–73; 49:13–14). Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na nabinyagan na ikuwento ang tungkol sa kanilang binyag at ipahayag ang kanilang damdamin tungkol sa mga biyayang natanggap nila dahil sa nabinyagan sila.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Pagsisisi**

| | |
|---|---|
| Lucas 15:3–10 | I Ni Juan 1:8–9 |
| II Mga Taga Corinto 7:9–10 | Mateo 3:1–2 |
| Alma 34:31–34 | Doktrina at mga Tipan 58:42–43 |

## “Ipanganak na Muli” 5

***Juan 3–4***

- Sinabi ni Jesus kay Nicodemo na “maliban na ang tao’y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios” (Juan 3:3). Ano ang ibig sabihin ng maipanganak na muli? (Tingnan ang sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito.)
- Basahin at pagnilay-nilayin ang Alma 5:14–31 na tila ba nakikipag-usap sa inyo si Alma. Ano ang kailangan ninyo mismong gawin upang “kayo . . . ay espirituwal na [isilang] sa Diyos”? (Alma 5:14).
- Sinabi ni Jesus sa babaing taga Samaria na siya ay mabibigyan niya ng “tubig na buhay” (Juan 4:10). Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “tubig na buhay”? (Tingnan sa 1 Nephi 11:25; Doktrina at mga Tipan 63:23.) Paano natin makakamtan ang tubig na buhay? Paano kayo napagpala ng tubig na buhay na ito?

**Mungkahi para sa Talakayan sa Pamilya**

Bigyan ng baso ang bawat miyembro ng pamilya. Buhusan ng tubig ang bawat baso, at anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na inumin ang tubig. Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung kakailanganin pa nilang uminom ng tubig. Pagkatapos ay basahin ang Juan 4:1–15, at talakayin ang mga tanong na nasa itaas. Magpatotoo na kung lalapit tayo kay Cristo at ipamumuhay ang kanyang ebanghelyo, ay tatanggap tayo ng “buhay walang hanggan” (Juan 4:14).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: “Ipanganak na Muli”**

| | |
|---|---|
| Juan 3:3–5 | Mosias 27:25–26 |
| Juan 3:16–17 | Alma 5:14–16 |
| Mosias 5:1–7 | Alma 22:15–18 |

## “At Pagdaka’y Iniwan Nila ang mga Lambat” 6

***Lucas 4:14–32; 5; 6:12–16; Mateo 10***

- Bakit mahalaga ang pagtawag ni Jesus ng mga Apostol? (Tingnan sa Mateo 9:36–38; 16:19; Marcos 3:14–15; Juan 20:19–21, 23; Mga Taga Efeso 4:11–15.) Bakit mahalaga na tumawag ang Panginoon ng mga Apostol sa ngayon?
- Ano ang natututuhan ninyo tungkol sa mga kapangyarihan at pananagutan ng mga Apostol mula sa payo ni Jesus sa Mateo 10? Paano ninyo nakitang isinakatuparan ng mga Apostol sa huling araw ang mga tungkuling ito?
- Paano kayo pinagpala ng sumusunod na payo ng isang Apostol?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipakita ang tsart ng Mga Pangkalahatang Awtoridad mula sa huling isyu sa inyong lugar ng magasin ng Simbahan tungkol sa komperensiya. Tulungan ang mga miyembro ng pamilya na makilala at malaman ang mga pangalan ng mga

miyembro ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Ibahagi ang inyong nararamdaman tungkol sa biyayang dulot ng pamumuno ng mga propeta at mga apostol.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Ang Tungkulin ng Isang Apostol**

| | |
|---|---|
| Lucas 6:13 | Doktrina at mga Tipan 107:33, 35 |
| Mateo 10:5–8 | Doktrina at mga Tipan 112:14 |
| Mga Taga Efeso 4:11–15 | Doktrina at mga Tipan 112:19–22 |

Doktrina at mga Tipan 107:23

## "[Siya] Rin ang Kumuha ng Ating mga Sakit, at Nagdala ng Ating mga Karamdaman" 7

***Marcos 1–2; 4:35–41; 5; Lucas 7:11–17***

- Ang himala ay isang hindi pangkaraniwang pangyayari na sanhi ng banal o espirituwal na kapangyarihan (*Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Himala," 74). Bakit ginawa ni Jesus ang mga ito at ang iba pang mga himala noong kanyang ministeryo? (Tingnan sa Mateo 9:27–30; Marcos 1:27; 2:10–11; 5:19 para sa ilang kasagutan sa tanong na ito.)
- Bakit sa palagay ninyo kailangang mauna muna ang pananampalataya kaysa sa mga himala? Bakit hindi sapat ang mga himala upang magbigay ng matibay na saligan para sa pananampalataya?
- Bakit mahalaga sa inyo ang mga himalang isinagawa ni Jesus noong kasalukuyan ng kanyang buhay sa lupa? Bakit mahalagang malaman na patuloy pa rin siyang gumagawa ng mga himala sa ngayon? Ano ang ilang halimbawa ng makabagong mga himala?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Anyayahan ang mga miyembro ng pamilya na magsabi ng mga himalang nangyari sa kanilang buhay o sa buhay ng mga taong kakilala nila.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Himala at Pananampalataya kay Jesucristo**

| | |
|---|---|
| 2 Nephi 27:23 | Eter 12:12 |
| Marcos 1:34 | Mormon 9:15–21 |
| 3 Nephi 17:5–10 | |

## Ang Pangangaral sa Bundok: "Isang Daang Kagalinggalingan" 8

***Mateo 5***

- Paano magiging "ilaw ng sanglibutan" ang mga Banal sa mga Huling Araw? (Mateo 5:14; tingnan din sa talata 16).
- Paano naging mas mataas na mga batas ang mga turo ng Tagapagligtas sa Mateo 5:22–24, 28, 34–37, 39–40 at 44–48 kaysa sa mga batas na binanggit sa Mateo 5:21, 27, 33, 38, at 43?
- Paano tayo tinutulungan ng Pangangaral sa Bundok na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya"? (Moroni 10:32).

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Isulat sa isang pisara, sa makapal na papel na gamit sa paggawa ng mga poster, o sa isang papel ang sumusunod na pangungusap (o iba pang pangungusap na maaaring mas angkop sa mga miyembro ng pamilya): *Ang mga turo sa Pangangaral sa Bundok ay makatutulong sa akin sa paaralan.* Hilingan ang mga miyembro ng pamilya na basahin ang ilang mga talata sa Mateo 5 at talakayin kung paano nauugnay ang mga talatang iyon sa pangungusap na inyong isinulat.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Pagiging Sakdal sa Pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo**

| | |
|---|---|
| Mateo 5:48 | Moroni 10:32–33 |
| Eter 12:27 | Doktrina at mga Tipan 76:68–70 |

## "Hanapin Muna Ninyo ang Kaniyang Kaharian" 9

***Mateo 6–7***

- Ano ang magiging gantimpala ng mga taong gumagawa ng mabubuting bagay para lamang makita ng iba? (Tingnan sa Mateo 6:2, 5, 16.) Anong mga bagay ang maaaring gawin natin para lamang makita ng iba sa halip na bigyang kasiyahan ang Diyos? Paano natin mapadadalisay ang ating mga pakay sa paglilingkod at paggawa ng iba pang mabubuting gawa?
- Ang aral na nasa Mateo 7:12 ay karaniwang tinatawag na Ginintuang Aral. Anong mga karanasan ang nagpakita sa inyo ng kahalagahan ng alituntuning ito. Paano tayo ginagawang higit na mabubuting disipulo ni Jesucristo ng pagsunod sa Ginintuang Aral?
- Ipinangako ni Jesus na kung ating "hanapin muna . . . ang kanyang [Diyos] kaharian," ay ibibigay sa atin ang iba pang mga bagay na kailangan natin (Mateo 6:33). Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo upang magkaroon ng patotoo tungkol sa pangakong ito?

**Mga Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

1. Ipakita ang isang bato at isang tumpok ng buhangin. Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung aling materyal ang gagamitin nila bilang pundasyon ng isang bahay. Basahin ang Mateo 7:24–27, at talakayin kung paanong ang pagtatayo ng ating buhay sa mga turo ng Tagapagligtas ay katulad ng pagtatayo ng bahay sa isang matatag na pundasyon na yari sa bato.
2. Ipakita ang isang mapa. Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung paano makatutulong sa kanila ang isang mapa sa pagpaplano ng isang paglalakbay. Ipaliwanag na sa ating paglalakbay patungo sa buhay na walang hanggan, ang mga banal na kasulatan at ang mga turo ng mga buhay na propeta ay tulad ng isang mapa, na tumutulong sa atin na malaman kung paano makabalik sa ating Ama sa Langit.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Pamumuhay Bilang mga Disipulo ni Cristo**

| | |
|---|---|
| Mateo 16:24–25 | Juan 13:35 |
| Mateo 7:21 | 2 Nephi 31:10–13 |
| Juan 8:31 | Moroni 7:48 |

---

## “Pasanin Ninyo ang Aking Pamatok at Mag-aral Kayo sa Akin” 10

***Mateo 11:28–30; 12:1–13; Lucas 7:36–50; 13:10–17***

- Ano ang ilang halimbawa ng mga pasanin na binabata natin sa buhay na ito? Paano “[tayo] mabibigyan ng kapahingahan” ng Panginoon mula sa pasaning ito? (Tingnan sa Mateo 11:28–30.) Ano ang ibig sabihin ng pasanin ninyo ang pamatok ni Cristo? (Tingnan sa sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito.)
- Pasan ng babaing pumasok sa bahay ni Simon na Fariseo ang bigat ng kasalanan (Lucas 7:37). Ano ang ginawa ng babae na naging daan upang alisin ni Jesus ang kanyang pasanin? (Tingnan sa Lucas 7:38, 44–50.) Ano ang maaari nating gawin upang alisin ng Tagapagligtas ang bigat ng kasalanan sa ating buhay?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Pabuksan sa isang miyembro ng pamilya ang isang walang laman na lalagyan tulad ng isang bag o kahon. Hilingin sa ibang mga miyembro ng pamilya na maglagay ng mga bagay sa loob ng lalagyan, nang isa-isa. Kapag mabigat na ang lalagyan, anyayahan ang isang miyembro ng pamilya na tumulong sa pagbuhat nito. Ipaliwanag na maraming bagay ang sumasagisag sa pasanin na ating dinadala, tulad ng kahirapan at kalungkutan. Ang tulong mula sa ikalawang miyembro ng pamilya ang sumasagisag sa kapahingahan na iniaalok sa atin ng Tagapagligtas sa paglapit natin sa kanya kapag tayo ay “nangapapagal at nangabibigatang lubha” (Mateo 11:28). Basahin ang Mateo 11:28–30 at Mosias 24:8–15, at tulungan ang mga miyembro ng pamilya na maunawaan na kapag sumusunod tayo sa Tagapagligtas, ay pagagaanin niya ang ating mga pasanin at hindi tayo mahihirapan.

**Sanggunian sa Banal na Kasulatan: "Pasanin Ninyo ang Aking Pamatok, . . . at Masusumpungan Ninyo ang Kapahingahan"**

| | |
|---|---|
| Mateo 11:28–30 | Doktrina at mga Tipan 54:10 |
| Mosias 24:8–15 | Doktrina at mga Tipan 59:23 |
| Alma 12:33–35 | |

---

## "Pinagsalitaan Niya Sila ng Maraming mga Bagay sa mga Talinghaga" 11

***Mateo 13***

- Ano ang kahulugan ng talinghaga ng manghahasik? (Tingnan sa Mateo 13:3–8, 18–23.) Bakit sa palagay ninyo mas pinagtuunan ng pansin ng talinghaga ng manghahasik ang lupa kaysa sa manghahasik o sa binhi?
- Ano ang paanyayang ipinarating ni Jesus matapos niyang ilahad ang talinghaga ng manghahasik? (Tingnan sa Mateo 13:9.) Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng salitang *makinig* sa paanyayang ito? Ano ang ibig sabihin nang tumingin ngunit hindi makakita at makinig ngunit hindi makarinig? (Tingnan sa Mateo 13:13–15.)
- Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang mga talinghaga ng buto ng mustasa at ng lebadura ay tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 98–100). Paano ninyo nakitang umunlad ang gawain ng Diyos na tulad ng inilalarawan sa mga talinghagang ito?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Kumuha ng 14 na maliliit na piraso ng papel. Sa bawat piraso ng papel ay isulat ang isa sa sumusunod na mga parirala, na may kaugnayan sa talinghaga ng trigo at mga pansirang damo: (1) *ang manghahasik*, (2) *ang panginoon at ang kanyang mga Apostol*, (3) *ang mabuting binhi*, (4) *ang matwid na mga miyembro ng Simbahan*, (5) *ang bukirin*, (6) *ang daigdig*, (7) *ang mga pansirang damo*, (8) *ang masasama*, (9) *ang kaaway*, (10) *ang diyablo*, (11) *ang ani*, (12) *ang katapusan ng mundo*, (13) *ang mga manggagapas*, at (14) *ang mga anghel*. Paghalu-haluin ang mga piraso ng papel upang mapagbalik-aralan ang talinghaga ng trigo at mga pansirang damo. Ipatugma sa mga miyembro ng pamilya ang mga tao, bagay, at kilos sa talinghaga sa kahulugan ng mga ito. Maaari ninyong naising basahin ang Mateo 13:24–30, 36–43 at Doktrina at mga Tipan 86:1–7 habang pinangangasiwaan ninyo ang talakayang ito.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: "Ang may mga Pakinig, ay Makinig"**

| | |
|---|---|
| Mateo 13:9–16 | Alma 10:2–6 |
| Mosias 2:9 | Alma 12:9–11 |

## “Ako ang Tinapay ng Kabuhayan” 12

***Juan 5–6; Marcos 6:30–44; Mateo 14:22–33***

- Hinamon ni Jesus ang mga pinuno ng mga Judio na “saliksikin . . . ang mga kasulatan” (Juan 5:39). Ano ang kaibahan ng pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan at pagbabasa ng mga ito? Paano ninyo nagawang higit na makabuluhan ang inyong pansarili at pangmag-anak na pag-aaral ng mga banal na kasulatan? Paano kayo nabiyayaan sa pagsasaliksik ninyo sa mga banal na kasulatan?
- Bakit nanghina ang pananampalataya ni Pedro nang lumalakad na siya sa ibabaw ng tubig? (Tingnan sa Mateo 14:30.) Paano tayo nakagagawa ng gayon ding pagkakamali kapag dumarating na ang mga problema?
- Paano naging angkop na paglalarawan sa Tagapagligtas at sa mga biyayang iniaalok niya sa atin ang “tinapay ng kabuhayan”? (Tingnan sa Juan 6:35, 47–51.) Paano tayo makikibahagi sa “tinapay ng kabuhayan”? (Tingnan sa Juan 6:47, 51–54; Mateo 26:26–28; Alma 5:33–35; Doktrina at mga Tipan 20:77.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Mateo 14:22–32. Bigyang-diin na nagpakita ng pananampalataya si Pedro nang lumakad siya sa tubig, ngunit nagsimula siyang lumubog nang matakot siya. Ipakita ang larawan ni Jesucristo, at tiyakin sa mga miyembro ng pamilya na bagama’t minsan ay magkakaroon ng problema sa kanilang paligid, ay mapaglalabanan nila ang takot sa pamamagitan ng paggunita sa Tagapagligtas at pagsunod sa kanya. Hilingan ang mga miyembro ng pamilya na magkuwento ng mga pagkakataon kung kailan napaglabanan nila ang takot sa pamamagitan ng paggunita kay Jesucristo at sa kanyang mga turo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Ang mga Banal na Kasulatan ay Nagpapatotoo Tungkol kay Cristo**

| | |
|---|---|
| Juan 5:39 | Ang Mga Gawa 18:28 |
| Juan 20:31 | 2 Nephi 25:26 |

## “Ibibigay Ko sa Iyo ang mga Susi ng Kaharian” 13

***Mateo 15:21–17:9***

- Sinabi ni Jesus kay Pedro, “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia” (Mateo 16:18). Itinuro ni Propetang Joseph Smith na ang batong tinutukoy ni Jesus ay ang paghahayag (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 274). Sa anong paraan naging saligan ng Simbahan ng Panginoon ang paghahayag?
- Itinuro ni Elder David B. Haight na ang Pagbabagong-anyo ni Jesus “ay

nilayon para sa ating espirituwal na kaliwanagan at gayundin naman sa mga nakasaksi mismo" (sa Conference Report, Abr. 1977, 8; o *Ensign*, Mayo 1977, 7). Ano ang matututuhan ninyo mula sa Pagbabagong-anyo na makatutulong sa inyo kapag nangangailangan kayo ng espirituwal na kalakasan? (Tingnan sa Mateo 17:1–5.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Mateo 16:13–17. Ipaliwanag na si Pedro ay nagkaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo sa pamamagitan ng paghahayag at na maaari tayong magkaroon ng patotoo tungkol sa Tagapagligtas sa gayunding paraan. Sabihin sa mga miyembro ng pamilya kung paano ninyo natanggap ang isang patotoo tungkol kay Jesucristo at kung ano ang patuloy na ginagawa ninyo upang palakasin ang inyong patotoo. Kung naaangkop, hilingan ang mga miyembro ng pamilya na magbigay ng kanilang mga patotoo. Himukin sila na palakasin ang kanilang mga patotoo sa pamamagitan ng panalangin sa araw-araw, pag-aaral ng banal na kasulatan, at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Paghahayag**

Mga Kawikaan 29:18

Amos 3:7

I Mga Taga Corinto 2:9–12

Moroni 10:5

Mga Taga Galacia 1:11–12

II Ni Pedro 1:20–21

Alma 5:46

## "Sino ang Aking Kapuwa Tao?" 14

***Mateo 18; Lucas 10***

- Ano ang payo ni Jesus sa mga naghahangad na makamtan ang tunay na kadakilaan sa kanyang kaharian? (Tingnan sa Mateo 18:2–4; Marcos 9:35.) Paano tayo magiging higit na tulad ng mga bata at higit na magpapasailalim sa kalooban ng ating Ama sa Langit?

- Sa pagtuturo niya ng talinghaga ng hindi marunong magpatawad na alipin ay binigyang-diin ni Jesus ang kahalagahan ng pagpapatawad sa iba (Mateo 18:23–35). Paano tayo katulad ng alipin ng hari sa ating pagkakautang sa Panginoon? Ano ang matututuhan ninyo mula sa halimbawa ng hari sa pagpapatawad sa iba? Ano ang ilan sa mga panganib ng hindi pagpapatawad sa iba? (Tingnan sa Mateo 18:34–35.)

- Ano ang matututuhan ninyo mula sa talinghaga ng mabuting Samaritano? (Tingnan sa Lucas 10:25–37.) Paano kayo nabiyayaan ng "mabubuting Samaritano"? Paano kayo magiging "mabubuting Samaritano"? (Tingnan sa Mosias 4:26.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang talinghaga ng mabuting Samaritano (Lucas 10:25–37). Bigyan ng partikular na atensiyon ang paanyaya ng Tagapagligtas na "humayo ka, at gayon din ang gawin mo" (Lucas 10:37). Pagkatapos ay gumawa ng listahan ng inyong mga kaibigan, kamag-anak, at iba pang mga kakilala, na hinihiling ang bawat

miyembro ng pamilya na magbigay ng kahit man lamang isang pangalan sa listahan. Magplanong maglingkod sa isa o dalawang tao na nasa listahan sa darating na linggo.

Bilang bahagi ng talakayang ito ng pamilya, maaari ninyong naising awitin nang sama-sama ang "Ako Ba ay may Kabutihang Nagawa?" (*Mga Himno*).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: "Iibigin Mo ang Iyong Kapuwa"**

| | |
|---|---|
| Lucas 10:25–37 | Juan 13:34–35 |
| Levitico 19:18 | Mosias 2:17 |
| Mateo 22:35–40 | Doktrina at mga Tipan 38:24–25 |

## "Ako ang Ilaw ng Sanglibutan" 15

***Juan 7–8***

- Ano ang itinagubilin niyang gawin ng mga tao upang magkaroon sila ng patotoo tungkol sa kanyang mga aral? (Tingnan sa Juan 7:17.) Paano ninyo maisasagawa ang tagubiling ito sa inyong buhay?
- Ano ang ibig sabihin ng si Jesus ang ilaw ng sanlibutan? (Tingnan ang sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito.) Paano ninyo matutulungan ang iba na makita ang liwanag na handog ni Cristo? (Tingnan sa Mateo 5:16; 28:18–20; Mga Taga Filipos 2:14–15.)
- Ano ang ipinangako ni Jesus sa mga taong ito kung magpapatuloy sila sa pagsunod sa kanya? (Tingnan sa Juan 8:31–32.) Mula sa ano tayo pinalalaya ng katotohanan? (Tingnan sa Juan 8:33–34.) Paano tayo inilalagay sa pagkaalipin ng paggawa ng kasalanan? (Tingnan sa Alma 12:11; 34:35.) Paano kayo pinalaya ng pagkaalam sa katotohanan?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Patayin ang mga ilaw sa silid, at isara ang mga kurtina o *blinds*. Hilingan ang isang miyembro ng pamilya na gawin ang isang simpleng bagay na nangangailangan ng paningin, tulad ng pagbabasa ng isang banal na kasulatan o paglalarawan ng isang retrato. Pagkatapos ay sindihan ang mga ilaw, buksan ang mga kurtina o *blinds*, at hilingan ang miyembro ng pamilya na gawin muli ito. Talakayin kung bakit mas madaling gawin ang gawain kapag nakasindi ang ilaw. Basahin ang Juan 8:12, at hilingin sa mga miyembro ng pamilya na talakayin ang mga paraan kung paanong si Jesucristo ang ilaw ng sanlibutan.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Jesucristo—"Ang Ilaw ng Sanglibutan"**

| | |
|---|---|
| Juan 8:12 | Alma 38:9 |
| Mga Awit 27:1 | 3 Nephi 15:9 |
| Isaias 2:5 | Doktrina at mga Tipan 88:6–13 |

## “Ako’y Naging Bulag, Ngayo’y Nakakakita Ako” 16

***Juan 9–10***

- Pinagaling ni Jesus ang isang lalaking isinilang na bulag (Juan 9:1–7). Paano lumago ang patotoo ng lalaking ito habang ibinabahagi niya ang kanyang patotoo? (Paghambingin ang mga talata 11, 17, 33, at 38.) Paano lumago ang inyong patotoo nang ibahagi ninyo ito?
- Ano ang isinagot ng mga magulang ng lalaking dating bulag nang tanungin sila ng mga Fariseo tungkol sa himala? (Tingnan sa Juan 9:18–23.) Bakit ganito ang naging sagot ng kanyang mga magulang? (Tingnan sa Juan 9:22.) Paano tayo minsan nagiging katulad ng mga magulang ng lalaking ito? Paano kayo magiging higit na magiting sa inyong mga patotoo?
- Sa pagtatalakay ni Jesus tungkol sa pastor at kanyang mga tupa, sino ang kinakatawan ng mga tupa? (Tingnan sa Juan 10:4, 27.) Sino ang pastor? (Tingnan sa Juan 10:11.) Ano ang ilang katangian ng isang mabuting pastor? (Tingnan sa Juan 10:3–4, 7, 9–15.) Paano naging ganap na halimbawa si Jesus ng isang pastor?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Juan 9:1–38, na hinihilingan ang mga miyembro ng pamilya na maghanap ng mga paraan kung paano tinulungan ng Tagapagligtas ang bulag na lalaki na makakita kapwa sa pisikal at espirituwal. Talakayin kung paano magkatulad at magkaiba ang espirituwal na paningin at ang pisikal na paningin. Hilingan ang mga miyembro ng pamilya na talakayin ang mga paraan kung paano nila madaragdagan ang kanilang kakayahang “makita” ang mga katotohanan ng ebanghelyo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Jesucristo—”Ang Mabuting Pastor”**

| | |
|---|---|
| Mga Awit 23:1–6 | Juan 10:11 |
| Isaias 40:11 | Mosias 26:21 |
| Ezekiel 34:11–12 | Alma 5:60 |

## “Ano ang Gagawin Ko Upang Magmana ng Buhay na Walang Hanggan?” 17

***Marcos 10:17–30; 12:41–44; Lucas 12:13–21; 14; 16***

- Anong mga biyaya ang mas mahalaga kaysa materyal na pag-aari? (Tingnan sa Lucas 12:31–34; Doktrina at mga Tipan 6:7 para sa ilang halimbawa.)
- Bakit itinutuon ng maraming tao ang kanilang mga puso sa makalupang kayamanan kahit na alam nilang pansamantala lamang ito? Paano natin malalaman kung

masyado tayong abala sa mga materyal na ari-arian?

- Ano ang hiniling sa inyo ng Panginoon na isakripisyo? Paano kayo pinagpala sa pagsasagawa ng mga sakripisyong ito?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Maglagay ng kumpletong kopya ng mga banal na kasulatan sa isang dulo ng silid at ng salapi sa kabilang dulo. Anyayahan ang isang miyembro ng pamilya na subukang lumakad nang tuwid sa guhit na patungo sa mga banal na kasulatan samantalang nakatingin sa salapi. Kung nahihirapan ang miyembro ng pamilya na marating ang mga banal na kasulatan, itanong kung bakit mahirap gawin ito. Kung mararating niya ang mga banal na kasulatan, itanong kung gaano katagal ang kanyang guguguling oras sa pagpunta doon nang hindi lumilihis mula sa tuwid na guhit. Basahin ang Marcos 10:17–24, at ipaliwanag na hindi tayo makapapasok sa kaharian ng Diyos, (na isinasagisag ng mga banal na kasulatan) kung itutuon natin ang ating pansin sa mga ari-arian ng daigdig (na isinasagisag ng salapi). Talakayin kung paano tataglayin at mapananatili ang wastong saloobin tungkol sa mga materyal na ari-arian.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Paghahanap sa Kaharian ng Diyos**

| | |
|---|---|
| Mateo 6:19–21 | Jacob 2:18–19 |
| Mateo 6:33 | Doktrina at mga Tipan 6:6–7 |
| Marcos 10:28–30 | |

## “Siya’y Nawala, at Nasumpungan” 18

***Lucas 15; 17***

- Ano ang matututuhan ninyo mula sa mga inasal na ito ng pastor at ng babae? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:10–13.) Sa anong mga paraan maaaring “mawala” ang isang tao? Ano ang ating pananagutan sa mga nawawala? (Tingnan sa Lucas 15:4–5, 8; Alma 31:34–35.)
- Sa talinghaga ng alibughang anak, ano ang ginawa ng ama nang makita niyang nagbalik ang kanyang anak? (Tingnan sa Lucas 15:20.) Paano tumugon ang ama sa pagtatapat ng kanyang anak? (Tingnan sa Lucas 15:21–24.) Paano naging katulad ng pagtugon ng Panginoon ang pagtugon ng ama kapag nagsisisi tayo? (Tingnan sa Lucas 15:7; Mosias 26:30; Doktrina at mga Tipan 58:42.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Pag-aralan muli ang kuwento tungkol sa pagpapagaling ni Jesus sa sampung ketongin (Lucas 17:11–19). Talakayin ang ilang mga dahilan kung bakit tayo, tulad ng siyam na ketongin, ay hindi palaging nagpapahayag ng ating pasasalamat sa Panginoon. Pag-usapan ang mga bagay na maaari nating gawin upang mas maipahayag ang ating pasasalamat sa Panginoon sa bawat araw.

Bilang bahagi ng talakayang ito ng pamilya, maaari ninyong naising awitin nang sama-sama ang “Ako’y Namangha” (*Mga Himno*).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Pagdiriwang na Kasama ng Panginoon para sa mga Nangagsisisi**

| | |
|---|---|
| Lucas 15:4–10 | Alma 26:11–16 |
| Lucas 15:11–24 | Doktrina at mga Tipan 18:10–16 |

## "Pinagaling Ka ng Pananampalataya Mo" 19

***Lucas 18:1–8, 35–43; 19:1–10; Juan 11***

- Paano ipinakita ng bulag na lalaki na malapit sa Jerico na may pananampalataya siya sa Panginoon? (Tingnan sa Lucas 18:38–42.) Paano kayo pinagpala sa pagpapairal ninyo ng pananampalataya kay Jesucristo?
- Paano ipinakita ni Zaqueo ang kanyang matinding paghahangad na makita si Jesus? (Tingnan sa Lucas 19:3–4.) Ano ang sinabi ni Jesus kay Zaqueo matapos niyang makita ito sa puno? (Tingnan sa Lucas 19:5.) Paano tumugon si Zaqueo sa mga salita ni Jesus? (Tingnan sa Lucas 19:6.) Ano ang maaari nating gawin upang buong kagalakan nating tanggapin ang Tagapagligtas sa ating tahanan?
- Ano ang hinangaan ninyo sa patotoo ni Marta na nakatala sa Juan 11:21–27.

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Juan 11:1–46. Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung ano ang nadarama nila tungkol sa Tagapagligtas sa pangyayaring ito. Pagbalik-aralan ang talata na nagpapakita sa pananampalataya nina Maria at Marta kay Jesucristo. Hilingan ang mga miyembro ng pamilya na pumili ng isang bagay na magagawa nila upang magpakita ng higit pang pananampalataya sa Tagapagligtas.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Hindi Nagmamaliw na Pananampalataya**

| | |
|---|---|
| Mateo 8:5–10, 13 | II Kay Timoteo 4:7 |
| Marcos 10:46–52 | Eter 3:3–13 |

## "Sa Aba Ninyo . . . mga Mapagpaimbabaw" 20

***Mateo 21–23; Juan 12:1–8***

- Ano ang nakaantig sa inyo sa pangyayaring si Jesus ay nakasakay sa asno nang buong kababaang-loob gayunman ay puno ng tagumpay na pumasok sa Jerusalem? (Tingnan sa Mateo 21:1–11.) Ano kaya ang maaaring nadama ninyo kung naroon kayo nang araw na iyon?
- Bakit sa palagay ninyo napakahalaga ng dalawang kautusan na nasa Mateo 22:37–40? Ano ang maaari ninyong gawin upang lubos na maipamuhay ang mga kautusang ito?
- Paulit-ulit na bumigkas ng panunumpa ang Tagapagligtas sa mga eskriba at Fariseo, dahil sila ay

mga mapagpaimbabaw. Masyado nilang binigyang pansin ang panlabas na mga ordenansa at kilos na nagpapakita na tila matwid sila, ngunit hindi nila talagang binibigyang halaga ang pagiging matwid sa kanilang puso (Mateo 23:13–33). Ano ang maaari ninyong gawin upang maiwasan ang pagiging mapagpaimbabaw?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Magdrowing sa isang papel ng larawan ng isang punong-kahoy na may mga dahon ngunit walang bunga. Sa kabila ng papel ay idrowing ang larawan ng isang puno na may mga dahon at bunga. Ipakita sa mga miyembro ng pamilya ang larawan ng puno na walang bunga, at hilingan ang isang miyembro ng pamilya na basahin ang Mateo 21:17–20. Ipaliwanag na kapag nagkunwari tayong matwid ngunit hindi naman namumuhay na mabuti, tayo ay kagaya ng isang punong-kahoy na maraming dahon ngunit walang bunga. Ipakita sa mga miyembro ng pamilya ang larawan ng puno na may bunga, at himukin silang mamuhay nang matwid—na huwag lamang ipakita na tila matwid sila.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Tunay at Taimtim na Pangako**

| | |
|---|---|
| Mateo 22:37 | Omni 1:26 |
| Josue 24:15 | Doktrina at mga Tipan 4:1–2 |
| 1 Nephi 3:7 | Doktrina at mga Tipan 20:37 |

## "Ano ang Magiging Tanda ng Iyong Pagparito?" 21

***Joseph Smith—Mateo (Mateo 24)***

- Anong palatandaan ng Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas ang inilarawan sa Joseph Smith—Matthew 1:22? Anong katibayan ang nakikita ninyo na natutupad ang mga propesiyang ito? Paano natin maiiwasang malinlang ng mga bulaang propeta? (Tingnan sa Mateo 7:15–20; Doktrina at mga Tipan 45:57; 46:7–8.)
- Itinuro ng Panginoon na "hindi tayo dapat magulumihanan" nang dahil sa mga digmaan at mga alingawngaw ng mga digmaan (Joseph Smith—Matthew 1:23). Paano tayo makatatagpo ng kapayapaan sa ganito kaligalig na mga panahon? (Tingnan sa 1 Juan 4:16–18; Doktrina at mga Tipan 6:34–36; 45:34–35; 59:23.)
- Sinabi ng Panginoon sa kanyang mga tagasunod sa Jerusalem na "[tumayo] sa dakong banal" (Joseph Smith—Matthew 1:12), at ibinigay niya ang gayunding pagpapayo sa ating panahon (Doktrina at mga Tipan 87:8; 101:22). Ano ang ilang dakong banal na kung saan ay dapat tayong tumayo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Talakayin ang ilang palatandaan na magaganap bago sumapit ang Ikalawang Pagparito, katulad ng nakabalangkas sa sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito. Mamigay ng mga bagong pahayagan at magasin ng Simbahan. Pagawain nang mag-isa o nang pares-pares ang mga

miyembro ng pamilya upang maghanap sa mga pahayagan at magasin ng mga palatandaan ng Ikalawang Pagparito. Habang ibinabahagi nila ang kanilang nakita, talakayin kung paano makapaghahanda para sa Ikalawang Pagparito.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Palatandaan ng Ikalawang Pagparito**

| | |
|---|---|
| Isaias 2:2–3 | Daniel 2:44 |
| Joseph Smith—Matthew 1:21–37 | Doktrina at mga Tipan 45:16–35 |

## "Manahin Ninyo ang Kahariang Nakahanda sa Inyo" 22

***Mateo 25***

- Ang talinghaga ng sampung dalaga (Mateo 25:1–13) ay paglalarawan ng Ikalawang Pagparito. Ang kasintahang lalaki ay kumakatawan sa Tagapagligtas, ang sampung dalaga ay kumakatawan sa mga miyembro ng Simbahan, at ang langis sa mga ilawan ay kumakatawan sa paghahanda para sa Ikalawang Pagparito. Ano ang ilang paraan ng pagdaragdag natin ng "langis" sa ating "mga ilawan"?
- Sa Mateo 25:14–30, ang mga talento ay kumakatawan sa mga kaloob na mula sa Diyos. Ang bawat tao ay nabigyan ng kahit isa lamang na kaloob mula sa Diyos (Doktrina at mga Tipan 46:11–12), subalit ang ilang kaloob ay mas madaling makilala kaysa sa iba. Ano ang ilan sa mga kaloob na maaaring mahirap makilala ngunit maaaring magamit sa paglilingkod sa iba at pagluwalhati sa Diyos?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas nang sabihin niyang, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa"? (Mateo 25:40; tingnan din sa Mosias 2:17).

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang talinghaga ng mga talento (Mateo 25:14–30), at ipaliwanag na ang mga talento ay kumakatawan sa mga kaloob na mula sa Diyos. Hilingan ang bawat miyembro ng pamilya na magsabi ng isa o dalawang mga talento o kaloob na natanggap nila. Pagkatapos ay hayaang sabihin ng bawat miyembro ng pamilya ang tungkol sa mga talento o kaloob na natanggap ng bawat isa sa mga miyembro ng pamilya. Talakayin ang mga paraan kung paano magagamit ng mga miyembro ng pamilya ang mga kaloob na ito upang makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa mundo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Paghahanda para sa Ikalawang Pagparito**

| | |
|---|---|
| Mateo 25:1–13 | Doktrina at mga Tipan 45:36–39 |
| Doktrina at mga Tipan 38:29–30 | Doktrina at mga Tipan 88:123–26 |

# “Kung Paanong Iniibig Ko Kayo, ay Mangag-ibigan Naman Kayo sa Isa’t Isa” 23

***Lucas 22:1–38; Juan 13–15***

- Nang magsama-sama sina Jesus at ang kanyang mga Apostol upang kainin ang pagkain ng Paskua ay pinasimulan ni Jesus ang ordenansa ng sakramento (Lucas 22:19–20). Bakit mahalagang tanggapin ang sakramento tuwing linggo? Paano ninyo espirituwal na maihahanda ang inyong sarili bago tanggapin ang sakramento?
- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga Apostol na dahilan kung bakit niya hinugasan ang kanilang mga paa? (Tingnan sa Juan 13:12–17.) Paano nakapagdulot sa inyo ng kaligayahan ang paglilingkod sa iba?
- Sinabi ni Jesus, “Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pag-ibig sa isa’t isa” (Juan 13:35). Ang pakikitungo ba ninyo sa iba ay nagpapakita na kayo ay isang disipulo, o tagasunod, ni Cristo? Ano ang ilang tiyak na mga bagay na magagawa ninyo upang masundan ang halimbawa ng pagmamahal ni Cristo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Hilingan ang isang miyembro ng pamilya na basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:77. Talakayin ang ibig sabihin ng tinapay ng sakramento. Hilingan ang isa pang miyembro ng pamilya na basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:79. Talakayin ang ibig sabihin ng tubig ng sakramento, na binibigyang-diin na ngayon ay tubig ang ating ginagamit sa halip na alak. Ipaliwanag na kapag tumatanggap tayo ng sakramento, tayo ay nangangako na palaging aalalahanin si Jesus. Pag-usapan ang mga bagay na maaaring gawin ng mga miyembro ng pamilya na makatutulong sa kanila upang maalaala si Jesus.

Bilang bahagi ng talakayang ito ng pamilya, maaari ninyong naising awitin nang sama-sama ang isang himno ng sakramento o ang awitin sa Primarya na “To Think about Jesus” (*Children’s Songbook*, 71).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Ang Sakramento**

| | |
|---|---|
| Mateo 26:26–28 | 3 Nephi 18:5–12 |
| Lucas 22:19–20 | Doktrina at mga Tipan 20:77, 79 |

# “Ito ang Buhay na Walang Hanggan” 24

***Juan 16–17***

- Ano ang misyon ng Espiritu Santo? (Tingnan sa Juan 14:26; 15:26; 16:7–14.) Paano natin mababatid ang impluwensiya ng Espiritu Santo? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 5:22–23; Doktrina at mga Tipan 6:15, 23; 11:13.) Paano kayo natulungan ng pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo?
- Sinabi ni Jesus sa kanyang mga Apostol na, “Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: ngunit lakasan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan” (Juan 16:33). Paano kaya makatutulong sa atin ang kaalaman na nadaig ni Jesus ang daigdig upang magkaroon tayo ng lakas ng loob kapag nahaharap tayo sa mga pagsubok? Bakit mahalagang magkaroon ng lakas ng loob?
- Sa kanyang panalangin ay sinabi ng Tagapagligtas na, “At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang [si Jesucristo] iyong sinugo” (Juan 17:3). Paanong kaiba ang pagkakilala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pagkakaalam lamang ng *tungkol* sa kanila? Paano natin sila makikilala?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Sa isang kahon ay maglagay ng isang piraso ng papel na nasusulatan ng *Ang Kaloob na Espiritu Santo*. Sa pangalawang kahon ay ilagay ang isang piraso ng papel na nasusulatan ng *Buhay na Walang Hanggan*. Ibalot ang mga kahon upang magmistulang mga regalo. Ipaliwanag na sa Juan 16–17 ay binanggit ni Jesus ang dalawa sa mga pinakadakilang kaloob na maaari nating matanggap. Ipabukas sa isang miyembro ng pamilya ang unang kahon at ipabasa ang kapirasong papel na nasa loob nito. Basahin ang Juan 16:13, at ipaliwanag na sa talatang ito “ang Espiritu ng katotohanan” ay tumutukoy sa Espiritu Santo. Ipabukas sa isa pang miyembro ng pamilya ang pangalawang kahon at ipabasa ang kapirasong papel na nasa loob nito. Basahin ang Juan 17:1–3. Ipahayag ang inyong pasasalamat para sa kaloob na Espiritu Santo at ang pagkakataong matanggap ang buhay na walang hanggan.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: “Maging Isa, na Gaya Naman Natin na Iisa”**

| | |
|---|---|
| Juan 17:20–26 | 4 Nephi 1:15–17 |
| Mga Taga Filipos 1:27 | Doktrina at mga Tipan 35:2 |
| Mosias 18:21 | Doktrina at mga Tipan 38:24–27 |

## “Huwag Mangyari ang Aking Kalooban, Kundi ang Iyo” 25

***Mateo 26:36–46; Marcos 14:32–42; Lucas 22:39–46***

- Bakit bukal sa kalooban ni Jesus na magpasailalim sa matinding paghihirap na alam niyang daranasin niya sa Halamanan ng Getsemani? (Tingnan sa Mateo 26:39, 42, 44.) Ano ang matututuhan ninyo mula sa panalangin ng Tagapagligtas sa Getsemani? Paano kayo pinagpala sa pagpapasailalim ninyo sa kalooban ng Ama sa Langit?
- Ano ang naranasan ng Tagapagligtas sa Getsemani? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:16–19; Lucas 22:44; Mosias 3:7; Alma 7:11–13.)
- Bakit kailangan natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Tingnan sa 1 Nephi 10:21; 2 Nephi 2:5–9; Alma 34:9; Moises 6:48.) Anong mga biyaya ang mapapasaatin dahil sa pagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas? (Tingnan sa Mosias 16:7–8; Alma 7:11–13; Doktrina at mga Tipan 19:23.) Paano natin matatanggap ang mga biyayang ito? (Tingnan sa Alma 7:14; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipakita ang larawang Si Jesus ay Nananalangin sa Getsemani (Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo 227). Basahin ang pangyayari noong si Jesus ay nasa Getsemani, na matatagpuan sa Mateo 26:36–46, Lucas 22:39–46, o Doktrina at mga Tipan 19:16–19. Anyayahan ang bawat miyembro ng pamilya na ibahagi ang kaniyang damdamin tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo**

| | |
|---|---|
| Lucas 22:39–44 | 2 Nephi 9:5–8 |
| Doktrina at mga Tipan 19:15–19 | Alma 7:11–14 |
| Mosias 3:7, 9 | Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3 |

## “Ako’y Ipinanganak Dahil Dito” 26

***Mateo 26:47–27:66; Marcos 14:43–15:39; Lucas 22:47–23:56; Juan 18–19***

- Ano ang ginawa ni Pedro nang sabihin ng mga taong nasa labas ng palasyo ni Caifas na kilala niya si Jesus? (Tingnan sa Mateo 26:69–75; tingnan din sa talata 34.) Tulad ni Pedro, paano ikinakaila kung minsan ng ilan sa atin ang ating pananampalataya? Ano ang matututuhan natin mula sa buhay ni Pedro matapos niyang ikaila ang Panginoon?
- Ano ang nadarama ninyo kapag pinagbubulay-bulay ninyo ang paghihirap na ginawa ng

Tagapagligtas para sa inyo? Paano ninyo maipapakita ang inyong pasasalamat para sa Pagbabayad-sala? (Habang pinagbubulay-bulay ninyo ang mga tanong na ito, maaaring naisin ninyong itala ang inyong mga naiisip sa inyong talaarawan.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Pag-usapan ang sumusunod na mga tao na binanggit sa banal na kasulatan sa pangyayari noong kamatayan at libing ni Jesus. Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung ano ang naaalala nila tungkol sa bawat tao o grupo ng mga tao.

| | |
|---|---|
| Jesucristo | Dalawang magnanakaw |
| Pilato | Mga manlilibak |
| Simon na taga Cirene | Juan na Pinakamamahal |
| Mga kawal | Ang senturion |
| Jose na taga Arimatea | Maria, na ina ni Jesus |

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: "Walang may Lalong Dakilang Pag-ibig"**

| | |
|---|---|
| Lucas 23:33–46 | 1 Nephi 19:9–10 |
| Juan 15:13 | Doktrina at mga Tipan 34:1–4 |

---

## "Siya'y Wala Rito; Sapagka't Siya'y Nagbangon" 27

***Mateo 28; Lucas 24; Juan 20–21***

- Bakit mahalagang malaman na si Jesus ay nagbangon mula sa mga patay? Ano ang epekto ng balitang ito sa sangkatauhan? Ano ang epekto nito sa inyo?
- Nagpakita ang nabuhay na mag-uling Panginoon sa pito sa kanyang mga Apostol habang sila ay nangingisda at mahimalang binigyan sila ng napakaraming isda (Juan 21:4–7.) Matapos silang kumain, ano ang hiniling ni Jesus na gawin ni Pedro at ng iba pang mga Apostol? (Tingnan sa Juan 21:15–17.) Paano natin maaalagaan ang kawan ng Panginoon?
- Ano ang dahilan ni Juan sa pagsusulat ng ilan sa mga bagay na binigkas at ginawa ng nabuhay na mag-uling si Jesus? (Tingnan sa Juan 20:30–31.) Paano kayo nakinabang mula sa pag-aaral ng mga pangyayari sa banal na kasulatan tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipasuot sa kamay ng isang miyembro ng pamilya ang isang guwantes at ipagalaw ang kanyang mga daliri. Ipaliwanag na ang guwantes ay sumasagisag sa ating mga katawan at ang kamay ay sumasagisag sa ating mga espiritu. Ang pinagsamang espiritu at katawan ang bumubuo sa isang buhay na tao. Ipahubad sa miyembro ng pamilya ang guwantes. Ipaliwanag na kapag tayo ay namatay, ang ating mga espiritu ay hihiwalay sa ating mga katawan. Pagkatapos ay mamamatay ang ating mga katawan, subalit mananatiling buhay ang ating mga

espiritu. Ipasuot muli sa miyembro ng pamilya ang guwantes sa kanyang kamay. Ipaliwanag na ang pagkabuhay na mag-uli ang muling pagsasama ng espiritu at ng katawan. Kapag tayo ay nabuhay na mag-uli, hindi na tayo kailanman mamamatay ni daranas muli ng anumang karamdaman. Magpatotoo na dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, ang lahat ng tao ay mabubuhay na mag-uli. (Ang paksang aralin na ito ay hango sa pagtatanghal ni Elder Boyd K. Packer [sa Conference Report, Abr. 1973, 79–80; o *Ensign*, Hulyo 1973, 51, 53].)

Bilang bahagi ng talakayang ito ng pamilya, maaari ninyong naisin na sama-samang awitin ang "Siya'y Nabuhay!" (*Mga Himno*) o "Si Jesus Ba'y Muling Nagbangon?" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Pagpapakita ng Nabuhay na Mag-uling Panginoon**

| | |
|---|---|
| Juan 20:11–29 | Ang Mga Gawa 9:1–6 |
| Lucas 24:36–51 | 3 Nephi 11:1–14 |
| I Mga Taga Corinto 15:3–8 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–17 |

---

## "Mga Saksi Kami" 28

***Ang Mga Gawa 1–5***

- Paano tinulungan ng kaloob na Espiritu Santo ang mga Apostol sa kanilang mga pananagutan na maging mga saksi ni Jesucristo? (Tingnan sa Juan 15:26–27; I Mga Taga Corinto 12:3.) Ano ang papel ng Espiritu Santo sa ating mga pagpupunyaging maituro ang ebanghelyo? (Tingnan sa 2 Nephi 33:1; Doktrina at mga Tipan 42:14.)
- Paano tumugon si Pedro sa mga nangutya sa mga Apostol sa pagsasalita nila ng mga wika? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:14–24, 36.) Ano ang hinangaan ninyo sa tugon ni Pedro? Bakit mahalagang magkaroon ng patotoo tungkol kay Jesucristo at sa kanyang banal na misyon? Paano tayo matutulungan ng Espiritu Santo na maibahagi ang ating mga patotoo?
- Gumamit si Pedro ng himala upang magkaroon ng pagkakataon na magpatotoo tungkol kay Jesucristo (Ang Mga Gawa 3:12–26; 4:5–12). Anong mga pagkakataon ang mayroon tayo upang makapagpatotoo tungkol kay Cristo? Paano kayo pinagpala sa pagiging saksi ninyo (o naringgan ang iba na naging mga saksi) ni Jesucristo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Mosias 18:8–9, na binibigyang pansin ang tagubilin na "tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar." Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung paano nila masusunod ang tagubiling ito. Hayaang ikuwento ng isang miyembro ng

pamilya ang naging karanasan niya sa pagiging saksi ni Jesucristo at ng kanyang ebanghelyo. Himukin ang mga miyembro ng pamilya na maging mga saksi ng Tagapagligtas sa mga bagay na sinasabi at ginagawa nila ngayong darating na linggo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Apostol—Natatanging mga Saksi ni Cristo**

| | |
|---|---|
| Ang Mga Gawa 1:1–8 | Doktrina at mga Tipan 27:12 |
| Ang Mga Gawa 4:33 | Doktrina at mga Tipan 107:23 |

## "Dumadami ang Bilang ng mga Alagad" 29

***Ang Mga Gawa 6–9***

- Sa paglago ng Simbahan, ang mga grupo sa loob nito ay nagkakaroon din ng mga pagtatalu-talo sa isa't isa (Ang Mga Gawa 6:1). Bilang mga miyembro ng Simbahan, paano natin mapaglalabanan ang mga alitan at pagkakahati sa ating kalipunan? Bakit mahalagang gawin natin ang gayon?
- Paano nakatagpo ni Felipe ang lalaking taga Etiopia? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:25–29.) Anong mga biyaya ang dumating kay Felipe at sa taga Etiopia dahil sa pagsunod ni Felipe sa Espiritu? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 8:30–38.) Anong mga biyaya ang dumating na sa inyo (o sa isang taong kilala ninyo) dahil sa sinunod ninyo ang Espiritu?
- Si Saulo ay nagbago mula sa pagiging tagausig ng mga Banal tungo sa pagiging dakilang tagapaglingkod ng Panginoon nang marinig niya ang tinig ng Panginoon (Ang Mga Gawa 9:1–9, 17). Paano natin maririnig ang tinig ng Panginoon? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:38; 6:23; 8:2; 18:34–36.) Paano makatutulong sa ating pagbabalik-loob ang pagdinig sa kanyang tinig?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Matapos basahin at markahan ng inyong pamilya ang sangguniang mga banal na kasulatan ay itanong ang mga sumusunod:

- Bakit kaya mahalagang maging miyembro ng isang purok (o sangay)? Sinu-sino ang ilan sa mga pinuno at guro sa inyong purok? Ano ang kanilang ginagawa upang tulungan at itaguyod tayo? Ano ang magagawa natin upang tulungan at itaguyod sila?

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Sama-samang Paggawa sa Kaharian ng Diyos**

| | |
|---|---|
| Exodo 18:13–26 | Doktrina at mga Tipan 107:99 |
| Ang Mga Gawa 6:1–3 | I Mga Taga Corinto 12:12–21 |
| Doktrina at mga Tipan 64:33–34 | Mga Taga Efeso 4:11–16 |

# “Hindi Nagtatangi ang Diyos ng mga Tao” 30

***Ang Mga Gawa 10–14; 15:1–35***

- Ano ang naging reaksiyon ng ilang miyembro ng Simbahan nang marinig nilang nagtuturo si Pedro ng ebanghelyo sa mga Gentil? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 11:1–3.) Ano ang dapat nating gawin kapag nakatanggap tayo ng bagong tagubilin mula sa ating mga pinuno sa Simbahan, kahit na sa una ay ayaw natin ang mga tagubilin o nahihirapan tayong unawain ang mga ito? (Tingnan sa Juan 7:17; 2 Nephi 28:30; Doktrina at mga Tipan 6:11, 14–15.)
- Ano ang ipinapakita ng pagtawag kina Saulo at Bernabe tungkol sa kung paano tinatawag ang mga miyembro ng Simbahan sa paglilingkod sa Diyos? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 13:1–3.) Anong mga karanasan ang nakatulong sa inyo upang malaman na ang mga tungkulin sa Simbahan ay binibigyang inspirasyon ng Espiritu?
- Bumalik sina Pablo at Bernabe sa mga lungsod kung saan sila nagtatag ng mga sangay ng Simbahan upang tulungan ang mga Banal na “magsipanatili sa pananampalataya” (Ang Mga Gawa 14:22; tingnan din sa mga talata 21 at 23). Ano ang maaari ninyong gawin upang maitaguyod ang mga bagong miyembro ng inyong purok o sangay?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Talakayin ang mga karanasan nina Saulo at Bernabe bilang mga misyonero (Ang Mga Gawa 13–14). Magbahagi ng mga naging karanasan ninyo noong misyonero pa kayo, o anyayahan ang isang misyonero na nakauwi na na magbahagi ng kanyang mga karanasan sa misyon. Talakayin kung paanong ang mga karanasan nina Saulo at Bernabe ay katulad ng mga karanasan ng mga misyonero sa ngayon. Sumulat kayong buong pamilya ng isang liham sa isang misyonero. Bilang bahagi ng panalangin ng mag-anak, hilingin sa Ama sa Langit na basbasan at pangalagaan ang mga misyonero.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: “Hindi Nagtatangi ang Diyos ng mga Tao”**

| | |
|---|---|
| Ang Mga Gawa 10:34–35 | Mga Taga Roma 2:9–11 |
| Ang Mga Gawa 15:7–11 | 2 Nephi 26:33 |

## “Kaya nga, ang mga Iglesia’y Pinalakas sa Pananampalataya” 31

***Ang Mga Gawa 15:36–18:22; I at II Mga Taga Tesalonica***

- Paano tinanggap ng mga tao sa sinagoga ng Berea ang mga turo ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:10–12.) Paano ninyo “[matatanggap] ang salita ng buong pagsisikap” sa pag-aaral ng ebanghelyo?
- Ano ang itinuro ni Pablo sa mga Ateniense tungkol sa Diyos? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 17:22–31.) Bakit mahalagang malaman na “tayo nama’y sa kanyang [sa Diyos] lahi”? (Ang Mga Gawa 17:28). Paano nakatutulong ang pagkaunawa tungkol sa tunay na katauhan ng Diyos at sa kanyang papel bilang ating Ama upang mahalin at sambahin natin siya?
- Ano ang itinuturo ni Pablo sa I Mga Taga Tesalonica 1:5 at 2:2–12 tungkol sa kung paano ituturo ang ebanghelyo sa ibang tao? Paano nakatulong sa inyong pagtuturo ng ebanghelyo ang pagsunod sa mga alituntuning ito?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Magplanong anyayahang kumain sa inyong tahanan ang mga misyonero sa inyong lugar. Hilingan silang magbahagi ng kanilang damdamin tungkol sa kahalagahan ng gawaing misyonero at sabihin kung paano sila naghanda para sa pagmimisyon.

Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari ninyong naising awitin nang sama-sama ang “Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod” (*Mga Himno* o *Aklat ng mga Awit Pambata*) o “Sana Ako’y Makapagmisyon” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Katangian ng Matagumpay na mga Misyonero**

| | |
|---|---|
| I Mga Taga Tesalonica 2:1–12 | Doktrina at mga Tipan 38:41 |
| II Mga Taga Corinto 4:5 | Doktrina at mga Tipan 88:81 |
| Doktrina at mga Tipan 4:1–7 | Doktrina at mga Tipan 123:12–14 |

## “Nangabubuhay sa Pamamagitan ng Espiritu” 32

***Ang Mga Gawa 18:23–20:38; Mga Taga Galacia***

- Tinapos ni Pablo ang kanyang talumpati sa mga kapatid na taga Efeso sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila tungkol sa turo ng Panginoon na “lalo pang mapalad ang magbigay kaysa tumanggap” (Ang Mga Gawa 20:35). Paano ninyo nalaman na totoo ito sa inyong buhay?
- Hinimok ni Pablo ang mga taga Galacia na hanapin ang mga bunga, o resulta, ng pamumuhay ayon sa Espiritu (Mga Taga Galacia 5:16, 25).

Ano ang ilan sa mga bungang ito? (Tingnan ang sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito.) Paano naipakita ang mga bungang ito sa inyong buhay? Ano ang dapat nating gawin kung madarama nating wala ang mga bungang ito sa ating buhay?

- Ano ang ibig sabihin ng “ang lahat ng ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya”? (Tingnan sa Mga Taga Galacia 6:7–9.) Paano naaangkop ang alituntuning ito sa ating kakayahang makinig at sumunod sa mga inspirasyon ng Espiritu Santo? Paano ito naaangkop sa ating mga pakikipag-ugnayan sa ibang tao at sa iba pang situwasyon sa ating buhay?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Tanungin ang mga miyembro ng pamilya kung paano nila malalaman kapag nasa tahanan ang impluwensiya ng Espiritu. Talakayin ang ilang mga bagay na magagawa ng inyong pamilya upang maanyayahan ang Espiritu. Magtakda kayo ng layunin bilang pamilya na anyayahan ang Espiritu sa inyong tahanan sa darating na linggo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Bunga ng Espiritu**

| | |
|---|---|
| Mga Taga Galacia 5:22–23 | Moroni 8:26 |
| Juan 14:26 | Moroni 10:3–5 |
| Juan 15:26 | Doktrina at mga Tipan 6:22–23 |

## “Kayo’y Templo ng Dios” 33

***I Mga Taga Corinto 1–6***

- Anong problema ang tinukoy ni Pablo sa I Mga Taga Corinto 1:10–13? Paano naaapektuhan ng pagkakahati-hati at pagtatalu-talo ang ating pagkakapatiran bilang mga disipulo ni Cristo? (Tingnan sa Mosias 18:21–22; 3 Nephi 11:29–30; Doktrina at mga Tipan 38:27.) Ano ang ipinayo ni Pablo na dapat gawin ng mga Banal upang higit na magkaisa? (Tingnan sa Mga Taga Corinto 1:10.)
- Itinuro ni Pablo na “gagawing mangmang” ng karunungan ng Diyos ang karunungan ng daigdig (I Mga Taga Corinto 1:18–21). Paano naiiba ang karunungan ng Diyos sa karunungan ng daigdig? (Tingnan sa Isaias 55:8–9; Doktrina at mga Tipan 38:1–2.) Ano ang ilang halimbawa na ginagawang mangmang ng karunungan ng Diyos ang karunungan ng daigdig? Paano natin malalaman ang “mga bagay ng Diyos”? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:10–13.)
- Sa ano inihambing ni Pablo ang ating mga katawan? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17; 6:19–20.) Ano ang maaari nating gawin upang maituring na mga templo ang ating mga katawan? Ano ang mga biyaya ng pagkakaroon ng malinis na pagkatao?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipaliwanag na madalas makipag-ugnayan si Pablo sa mga miyembro ng

Simbahan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga liham, o sulat. Talakayin ang ilan sa mga paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga propeta, mga apostol, at iba pang mga pinuno ng Simbahan sa atin sa ngayon. Basahin ninyong mag-anak ang isang talumpati ng komperensiya mula sa *Ensign* o sa iba pang lathalain ng Simbahan. Talakayin kung paano ninyo maiaangkop ang mensahe nito.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Kalinisan ng Pagkatao**

| | |
|---|---|
| I Mga Taga Corinto 3:16–17 | 3 Nephi 12:27–30 |
| I Mga Taga Corinto 6:19–20 | Doktrina at mga Tipan 42:22 |
| Mga Taga Galacia 5:16 | Doktrina at mga Tipan 46:33 |

## "Iniingatan Ninyong Matibay ang mga Turo, na Gaya ng Ibinigay Ko" 34

***I Mga Taga Corinto 11–16***

- Ano ang ibig sabihin ng "ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae sa Panginoon"? (I Mga Taga Corinto 11:11). Bakit napakahalaga ng ugnayan ng mag-asawa sa kaharian ng Diyos? Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kung paano dapat pakitunguhan ng mag-asawa ang bawat isa?
- Sang-ayon kay Pablo, ano ang mga layunin ng sakramento? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:23–26; tingnan din sa Lucas 22:19–20.) Bakit mahalagang bahagi ng sakramento ang pagsusuri ng ating pagiging karapat-dapat?
- Pinapayuhan tayo ng mga banal na kasulatan na hangarin ang mga espirituwal na kaloob (I Mga Taga Corinto 12:31; Doktrina at mga Tipan 46:8). Ano ang dapat na maging dahilan natin sa paghahangad ng mga espirituwal na kaloob? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 14:12; Doktrina at mga Tipan 46:9.)
- Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa mga kaharian ng kaluwalhatian? (Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:35–44; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 88:27–32.) Paano naiimpluwensiyahan ang uri ng inyong pamumuhay ng inyong kaalaman tungkol sa Pagkabuhay na Mag-uli at sa mga kaharian ng kaluwalhatian?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang ilan sa mga talata sa sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito. Pagkatapos ay talakayin ang mga tanong sa ikatlong saknong sa bahaging ito. Hayaang magbigay ng kanilang puna ang mga miyembro ng pamilya tungkol sa mga espirituwal na kaloob na nakikita nila sa bawat isa na nakatutulong sa pagpapalakas sa pamilya sa kabuuan. Tulungan ang mga miyembro ng pamilya na malaman na sila ay mahalagang bahagi ng pamilya.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Kaloob ng Espiritu**

| | |
|---|---|
| 1 Mga Taga Corinto 12:1–11 | 3 Nephi 29:5–6 |
| I Mga Taga Corinto 12:31 | Moroni 10:8–19 |
| Santiago 1:17 | Doktrina at mga Tipan 46:8–26 |

---

## "Kayo'y Makipagkasundo sa Dios" 35

***II Mga Taga Corinto***

- Bakit nagawang iwasan nina Pablo at Timoteo ang kawalan ng pag-asa sa kabila ng sila ay nababagabag, nalilito, inuusig, at inilulugmok? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 1:3–5; 4:5–15.) Paano kayo natulungan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa panahon ng kahirapan?
- Hinimok ni Pablo ang mga Banal na patawarin ang isa't isa (II Mga Taga Corinto 2:5–8). Bakit mahalagang patawarin natin ang iba? (Tingnan sa Mateo 6:14–15; II Mga Taga Corinto 2:7–8; Doktrina at mga Tipan 64:9–10.) Ano ang maaari nating magawa upang maging higit na mapagpatawad?
- Ano ang ibig sabihin ng makadama ng "kalumbayang mula sa Diyos" para sa ating mga kasalanan? (Tingnan sa II Mga Taga Corinto 7:9–10.) Bakit mahalagang bahagi ng pagsisisi ang kalumbayang mula sa Diyos?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang II Mga Taga Corinto 1:3–4, na binibigyan ng natatanging pansin ang mga pagsisikap ni Pablo na aliwin ang iba "sa pamamagitan ng pag-aliw na inialiw din sa atin ng Dios." Makipag-ayos na dalawin ang isang ospital, mga gusaling nagbibigay ng makakain at masisilungan sa mahihirap, o bahay ampunan. Tumulong sa paghahanda ng pagkain, paglilibang sa mga nakatuloy doon, o mag-ambag ng pagkain, damit, o iba pang mga kailangang bagay.

Bilang bahagi ng talakayan ng pamilya, maaari ninyong naising awitin nang sama-sama ang "Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami" (*Mga Himno*).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Katangian ng mga Disipulo ni Cristo**

| | |
|---|---|
| II Mga Taga Corinto 1:3–5 | II Mga Taga Corinto 4:5–10 |
| II Mga Taga Corinto 1:11 | II Mga Taga Corinto 5:17–21 |
| II Mga Taga Corinto 2:5–8 | II Mga Taga Corinto 7:9–10 |

## “Mga Iniibig ng Dios, Tinawag na mga Banal” 36

***Mga Taga Roma***

- Ang ibig sabihin ng ariing-ganap ay makipagkasundo sa Diyos, mapatawad sa kaparusahan ng kasalanan, at maipahayag na matwid at walang-sala. Bakit kailangan tayong ariing-ganap? (Tingnan sa Mga Taga Roma 3:10–12, 23; tingnan din sa Alma 7:21.) Ano ang itinuro ni Pablo tungkol sa kung paano tayo inaaring-ganap? (Tingnan sa Mga Taga Roma 3:24, 28; 5:1–2; tingnan din sa 2 Nephi 2:6.)
- Paano kumakatawan ang pagbibinyag sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli (bagong pagsilang)? (Tingnan sa Mga Taga Roma 6:3–4; Doktrina at mga Tipan 76:50–52.) Paano naging bagong pagsilang para sa inyo ang pagbibinyag?
- Paano ninyo nakitang “ang lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios”? (Mga Taga Roma 8:28).
- Anong mga katangian ng tunay na mga Banal ang nakatala sa Mga Taga Roma 12:9–21? Alin sa mga katangiang ito ang pinakamahirap ninyong taglayin? Ano ang maaari ninyong gawin ngayong linggong ito upang higit pang mapaunlad ang katangiang ito?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang mga talata sa sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito, at ipatukoy sa mga miyembro ng pamilya ang mga miyembro ng purok o sangay na nagtataglay ng mga katangiang nakalista sa mga talatang iyon. Hamunin ang bawat miyembro ng pamilya na gawin ang isang bagay sa darating na linggo upang masunod ang mga halimbawa ng mga taong iyon.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Katangian ng mga Banal**

| | |
|---|---|
| Mga Taga Roma 1:7–8 | Mosias 3:19 |
| Mga Taga Roma 12:9–21 | Doktrina at mga Tipan 4:5–6 |
| Mga Taga Efeso 4:1–3 | Doktrina at mga Tipan 88:74–77, 81 |

## Jesucristo: “Ang Gumawa at Sumakdal ng Ating Pananampalataya” 37

***Sa Mga Hebreo***

- Ano ang natututuhan natin tungkol kay Jesucristo mula Sa Mga Hebreo 1?
- Bakit kailangang “tawagin ng Diyos” ang isang maytaglay ng pagkasaserdote sa halip na “[tanggapin] sa kaniyang sarili [ang] karangalang ito”? (Sa Mga Hebreo 5:4).
- Si Pablo ay nagbigay ng maraming halimbawa ng mga taong nakagawa

ng mga dakilang bagay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo. Sinu-sino ang kanyang binanggit? (Tingnan sa Mga Hebreo 11:4–12, 17–34.)

- Sinabi ni Pablo na matutulungan tayo ng pananampalataya sa mga panahon ng kahirapan o pakikilaban (Sa Mga Hebreo 11:32–38). Paano kayo natulungan ng pananampalataya na mapaglabanan ang kahirapan? Ano pa ang ibang mga biyaya na natanggap ninyo (o ng isang taong kilala ninyo) sa pamamagitan ng pagpapairal ng pananampalataya kay Jesucristo?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Magtanim ng buto. Basahin ang Sa Mga Hebreo 11:1 at Alma 32:21, at itanong kung paanong pagpapakita ng pananampalataya ang pagtatanim ng buto. Pagkatapos ay basahin ang Santiago 2:17. Itanong kung anong mga gawain ang kailangan para matulungang lumaki ang buto. Sa mga darating na linggo, alagaan ninyo ang buto na itinanim ninyo at palaging tingnan ito upang malaman kung paano nakatutulong ang inyong pananampalataya at gawa sa paglaki nito.

Bilang bahagi ng talakayang ito ng pamilya, maaari ninyong naising awitin nang sama-sama ang "Pananampalataya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Pananampalataya**

| | |
|---|---|
| Sa Mga Hebreo 11:1–6 | Alma 32:21 |
| Santiago 2:14–18 | Eter 12:6 |
| 1 Nephi 7:12 | Doktrina at mga Tipan 63:10–11 |

## "Nagpatotoo Ka sa Akin" 38

***Ang Mga Gawa 21–28***

- Si Pablo ay nagpakita ng katapangan sa pamamagitan ng pagkukuwento sa nagagalit na mga tao sa Jerusalem tungkol sa kanyang pagbabalik-loob at sa pagkakita niya kay Jesucristo (Ang Mga Gawa 21:27–22:21). Kailan kayo nakapagbahagi ng inyong patotoo sa isang kalagayan na nangailangan ng tapang? Paano kayo nagkaroon ng lakas ng loob na gawin ito? Paano makatutulong sa inyo ang pagkaalam sa mga ginawa ni Pablo upang magkaroon kayo ng higit na lakas ng loob na ibahagi ang inyong mga patotoo sa ibang tao?

- Ano ang nangyari nang tanggihan ng pinuno ng barko ang babala ni Pablo na lubhang mapanganib ang maglayag mula sa Mabubuting Daongan? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 27:7–20.) Ano ang nag-udyok sa senturion upang ipagwalang-bahala ang payo ni Pablo? (Tingnan sa Ang Mga Gawa 27:11–12.) Bakit kung minsan ay ipinagwawalang-bahala ng ilan sa atin ang payo ng mga pinuno ng Simbahan? Paano ninyo nalaman ang kahalagahan ng pagsunod sa payo ng mga pinuno ng Simbahan?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Hilingan ang mga miyembro ng pamilya na mag-isip ng isang tao na ang halimbawa ay nakapagbigay ng inspirasyon sa kanila o nagbigay sa kanila ng lakas ng loob. Hayaang sabihin nila kung sino ang kanilang naisip at kung bakit nila pinili ang mga taong iyon.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Tumayo Bilang mga Saksi ng Diyos**

Ang Mga Gawa 26:22–23

Ang Mga Gawa 28:30–31

Mga Taga Roma 1:16

Doktrina at mga Tipan 18:10–16

Doktrina at mga Tipan 33:7–11

---

## "Sa Ikasasakdal ng mga Banal" 39

***Mga Taga Efeso***

- Ano ang itinuro ni Pablo sa Mga Taga Efeso 2:20 at 4:11–14 tungkol sa kahalagahan ng mga apostol at propeta? Bakit mahalaga sa tunay na Simbahan ang buhay na mga apostol at propeta? Ano ang ilang mga turo mula sa mga apostol at propeta ng mga huling araw na tumutulong sa ating umunlad tungo sa kasakdalan at pagkakaisa?
- Paano makatutulong sa pagpapatatag ng mga ugnayan ng pamilya at pagpapanatili ng pagkakaisa sa tahanan ang payo ni Pablo sa Mga Taga Efeso 6:1–4? Anong payo ang ibinigay sa atin ng mga apostol at propeta sa mga huling araw tungkol sa mga pamilya?
- Ano ang iba't ibang piraso ng tinatawag ni Pablo na kagayakan ng Diyos? Ano ang isinasagisag ng bawat piraso? (Tingnan sa Mga Taga Efeso 6:13–18; Doktrina at mga Tipan 27:15–18.) Paano tayo mapangangalagaan ng bawat piraso ng kagayakan ng Diyos mula sa impluwensiya ni Satanas? Ano ang maaari nating gawin upang maisuot araw-araw ang kagayakan na ito?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Bigyan ang bawat miyembro ng pamilya ng isang piraso ng papel. Hilingin sa bawat tao na sirain ang kanyang papel. Pagkatapos ay bigyan ang isang miyembro ng pamilya ng makapal na aklat at sabihin sa kanyang subukang punitin ang lahat ng mga pahina nito nang sabay-sabay. Ipaliwanag na kung paanong mas matibay ang mga papel sa aklat kapag magkakasama ang mga ito, ay gayundin na mas matatag tayo kapag nagkakaisa tayo sa ating mga pamilya at sa Simbahan. Talakayin kung ano ang maaaring gawin ng inyong pamilya upang maitaguyod ang pagkakaisa sa inyong tahanan at sa inyong purok o sangay.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Pagkakaisa**

Mga Awit 133:1

I Mga Taga Corinto 1:10

Mga Taga Efeso 4:11–16

2 Nephi 1:21

Moises 7:18

## “Lahat ng mga Bagay ay Aking Magagawa [sa Pamamagitan ni Cristo]” 40

***Taga Filipos; Taga Colosas; Filemon***

- Paano natin maisasagawa ang payo ni Pablo sa Mga Taga Filipos 4:8? (Tingnan din sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.) Paano tayo pinagpapala kapag sinusunod natin ang payong ito?
- Ano ang ibig sabihin ng manatiling “nababaon at matitibay” sa ebanghelyo? (Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:23.) Ano ang mga dahilan kung bakit ang mga tao ay “nalalayo sa pag-asa ng ebanghelyo”? (Mga Taga Colosas 1:23). Ano ang maaari ninyong gawin upang mapatatag ang inyong patotoo?
- Paulit-ulit na binigyang-diin ni Pablo ang kahalagahan ng pagiging mapagpasalamat (Mga Taga Colosas 2:7; 3:15, 17). Bakit mahalagang magpasalamat tayo? Paano ninyo maipapakita ang pasasalamat sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Isulat ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya sa pisara, *poster board*, o sa isang papel. Ipabasa sa buong pamilya ang talata nang mga ilang ulit. Sa tuwing babasahin ang talata, takpan o burahin ang isang mahalagang salita. Ipaulit nang ipaulit sa mga miyembro ng pamilya ang talata hanggang sa maisaulo nila ito.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: “Ang Payo ni Pablo”**

| | |
|---|---|
| Mga Taga Filipos 4:8 | Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13 |

Sa paggamit ng *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, dagdagan ang sangguniang mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng paghahanap ng isang banal na kasulatan para sa bawat isa sa sumusunod na mga salita: *katotohanan, matapat o katapatan, dalisay o kadalisayan,* at *kabaitan.*

## “Natapos Ko na ang Aking Takbo” 41

***I at II Kay Timoteo; Kay Tito***

- Bakit ang ilang tao ay “laging nagsisipag-aral, at kailan pa man ay hindi nakararating sa pagkaalam ng katotohanan”? (II Kay Timoteo 3:7). Paano tayo makatitiyak na ang ating pag-aaral ay umaakay sa atin tungo sa kaalaman ng katotohanan”? Paano pinagpala ng pag-aaral ng tamang mga doktrina ng ebanghelyo ang inyong buhay?
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng “maging uliran ng mga nagsisisampalataya”? (I Kay Timoteo 4:12). Paano kayo magiging halimbawa ng bawat isa sa mga paraang binanggit sa I Kay Timoteo 4:12? Paano kayo naimpluwensiyahan ng isang taong naging “uliran ng mga nagsisisampalataya”?

- Sa anong paraan nagiging "ugat ng lahat ng kasamaan" ang pag-ibig sa salapi? (Tingnan sa I kay Timoteo 6: 7–10.) Paano tayo makatitiyak na hindi natin masyadong pinagtutuunan ng pansin ang salapi at ang iba pang materyal na kayamanan? (Tingnan sa I Kay Timoteo 6:17–19; Jacob 2:18–19.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Ipakita ang ilang mga larawan, kagaya ng mga larawan mula sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo o sa mga magasin ng Simbahan, na nagpapakita ng mga pangkaraniwang pangyayari sa mga banal na kasulatan. Pagkatapos ay umawit ng ilan mga himno o awitin sa Primarya. Pagkatapos tingnan ang bawat larawan at awitin ang bawat himno o awit, hilingan ang mga miyembro ng pamilya na magmungkahi ng mga doktrina, o mga turo, na maaaring ilahad na gamit ang larawan, himno, o awit.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Ang Kapangyarihan ng Tamang Doktrina**

| | |
|---|---|
| I Kay Timoteo 4:16 | 3 Nephi 11:31–41 |
| II Kay Timoteo 3:16–17 | Doktrina at mga Tipan 88:77–78 |
| Juan 8:31–32 | |

## "Dalisay na Relihion" 42

***Santiago***

- Anong payo ang ibinigay ni Santiago sa mga "nagkukulang ng karunungan"? (Tingnan sa Santiago 1:5–6.) Paano naimpluwensiyahan ng payong ito ang Propetang Joseph Smith? (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–13.) Ano ang mga naging karanasan ninyo sa pagtanggap ng mga kasagutan sa panalangin?
- Itinuro ni Santiago na dapat tayong "magmaliksi sa pakikinig, magmakupad sa pananalita" (Santiago 1:19). Anong mga karanasan sa inyong buhay ang nakapagpatibay sa karunungan ng kanyang payo?
- Ano ang binigyang-diin ni Santiago na dapat nating gawin upang ipamuhay ang dalisay na relihiyon? (Tingnan sa Santiago 1:27.) Bakit sa palagay ninyo bahagi ng dalisay na relihiyon ang pagdalaw at pagtulong sa mga taong nangangailangan? Ano ang maaari ninyong gawin upang manatiling "walang dungis ang sarili . . . sa sanglibutan"?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Sinabi ni Santiago na bahagi ng pagsasagawa ng "dalisay na relihion" ang panatilihin ang ating sarili na "walang dungis . . . sa sanglibutan" (Santiago 1:27). Talakayin kung paano nakaaapekto ang turong ito sa ating pang-araw-araw na mga pasiya. Sa inyong talakayan ay maaari ninyong naising sumangguni sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 893), na naglalaman ng payo mula sa Unang Panguluhan tungkol sa kung paano natin pananatilihing "walang dungis ang sarili . . . sa sanglibutan."

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Pagtanggap ng mga Sagot sa Panalangin**

| | |
|---|---|
| Santiago 1:5–6 | 3 Nephi 18:20–21 |
| Mateo 21:22 | Doktrina at mga Tipan 112:10 |
| Alma 37:37 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–19 |

## "Isang Lahing Hirang" 43

***I at II Ni Pedro; Judas***

- Ano ang maaari nating gawin upang masundan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtugon sa mga pagsubok at pag-uusig? (Tingnan sa I Ni Pedro 2:19–23.) Anong mga halimbawa ang nakita ninyo sa mga taong tulad ni Cristo sa pagtitiis ng mga pagsubok? Paano tayo pinagpapala sa pagsunod natin sa halimbawa ng Tagapagligtas sa pagtugon sa mga pagsubok?
- Aling mga katangian ang inilarawan ni Pedro na bahagi ng kabanalang mula sa Diyos? (Tingnan sa II Ni Pedro 1:4–7.) Bakit mahalagang taglayin natin ang mga katangiang ito? (Tingnan sa II Ni Pedro 1:8.) Paano ninyo nakita ang mga katangiang ito sa ibang tao?
- Sina Pedro at Judas ay nagbabala na magkakaroon ng mga bulaang guro sa kalipunan ng mga miyembro ng Simbahan. Ayon sa kanila ano ang ilan sa mga katangian ng huwad na mga guro? (Tingnan sa II Ni Pedro 2:1–3, 10, 12–19; Judas 1:4, 8, 10–13, 16, 18–19.) Anong payo ang ibinigay nina Pedro at Judas na makatutulong sa atin upang maiwasan ang mga huwad na turo at manatiling matapat habang naghahanda tayo para sa Ikalawang Pagparito? (Tingnan sa II Ni Pedro 3:11–14, 17–18; Judas 1:3, 20–21; tingnan din sa Moroni 7:12–17; Doktrina at mga Tipan 45:57; 46:7–8.)

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Pumili ng isang resipe na maaaring ihanda ng lahat at mapagsasalu-saluhan. Habang sinusunod ng mga miyembro ng pamilya ang resipe, talakayin kung bakit mahalagang naroon ang lahat ng sangkap na nasa resipe. Kapag natapos na kayo, basahin ang II Ni Pedro 1:4–8. Talakayin kung bakit ang bawat katangian ng kabanalang mula sa Diyos ay mahalaga para maging katulad tayo ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mag-ingat Kayo sa mga Bulaang Propeta"**

| | |
|---|---|
| II Ni Pedro 2:1–3 | 2 Nephi 28:7–9 |
| Mateo 7:15–20 | Doktrina at mga Tipan 45:57 |
| Mateo 24:24 | |

# “Ang Dios ay Pag-ibig”

## *I, II, at III Ni Juan*

44

- Anong salita ang ginamit ni Juan upang ilarawan ang Ama sa Langit sa I Ni Juan 4:8, 16? Bakit angkop ang salitang ito?
- Basahin ang I Ni Juan 4:9–10. Anong pagpapahiwatig ng pag-ibig ng Diyos ang binanggit ni Juan sa mga talatang ito? (Tingnan din sa Juan 3:16; I Ni Juan 5:11; 2 Nephi 9:10.) Paano pagpapahiwatig ng pag-ibig sa atin ng Ama sa Langit ang pagsusugo ng kanyang Anak upang tubusin ang ating mga kasalanan?
- Itinuro ni Juan na sasagutin ng Ama sa Langit ang ating mga panalangin kung hihiling tayo ayon sa Kanyang kalooban (I Ni Juan 5:14–15). Paano nakatulong ang panalangin upang madama ninyo ng pag-ibig ng Ama sa Langit?
- Paano inilarawan ni Juan ang mga taong nagsasabing mahal nila ang Diyos subalit hindi “nagmamahalan sa isa’t isa”? (Tingnan sa 1 Juan 2:9, 11; 3:14–15, 17; 4:20.) Bakit sukatan ng ating pagmamahal sa Diyos ang pagmamahal natin sa ibang tao?
- Bakit gayon na lamang ang natatanggap na kagalakan ng mga magulang kapag kanilang “marinig na ang [kanilang] mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan”? (3 Ni Juan 1:4).

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Sabihin sa pamilya na magkakasama kayong tutuklas. Pagkatapos ay maglakad-lakad kayo o sumakay, at maghanap ng mga bagay na makatutulong sa mga miyembro ng pamilya na makita na mahal sila ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Kapag nakakita ang isang miyembro ng pamilya ng isang bagay na nagpapakita ng pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo, isulat ito. Kapag tapos na kayong tumuklas, basahin ninyong lahat ang listahan na inyong ginawa.

Bilang bahagi ng talakayang ito ng pamilya, maaari ninyong naising awitin nang sama-sama ang “Kung Sa’n Naro’n ang Pag-ibig” (*Aklat ng mga Awit Pambata*).

**Sangguniang mga banal na kasulatan: “Ang Umiibig sa Kaniyang Kapatid ay Nananahan sa Liwanag”**

| | |
|---|---|
| I Ni Juan 2:10–11 | I Ni Juan 4:20–21 |
| I Ni Juan 3:16–19 | Juan 21:15–17 |
| I Ni Juan 4:7–11 | Moroni 7:45–48 |

## “Ang Matagumpay ay Magmamana ng mga Bagay na Ito” 45

***Apocalipsis 1–3; 12***

Upang magkaroon ng mas mabuting pang-unawa sa mga kabanatang ito, tingnan ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Apocalipsis 1:1–4; 2:22; 12:1–17, sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*.

- Ano ang lumabas sa bibig ng Tagapagligtas sa pangitaing ito? (Tingnan sa Apocalipsis 1:16.) Ano ang isinagisag ng tabak na ito? (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:2.) Sa paanong mga paraan tulad ng isang tabak ang salita ng Panginoon? (Tingnan sa Mga Hebreo 4:12; Helaman 3:29.)
- Sa pangitain ni Juan, ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga nagtagumpay sa mga pagsubok at tukso ng buhay na ito? (Tingnan ang sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito.)
- Paano mapagtatagumpayan ng Simbahan at ng kaharian ng Diyos si Satanas sa bandang huli? (Tingnan sa Apocalipsis 12:11.) Paano makatutulong sa atin ang Pagbabayad-sala ni Cristo at ang inyong patotoo sa inyong sariling pakikipagtunggali laban kay Satanas?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Apocalipsis 6:12–14 at 16:18–21, at ipaliwanag na ang mga talatang ito ay naglalarawan ng mga bagay na nakita ni Juan sa kanyang pangitain tungkol sa mga huling araw. Pagkatapos ay ipaliwanag na kahit na tila kagimbal-gimbal ang ilan sa mga propesiya sa aklat ng Apocalipsis, ang iba namang mga propesiya sa aklat ng Apocalipsis ay makapagbibigay sa atin ng pag-asa at matutulungan tayo na huwag matakot sa panahon ng kahirapan. Basahin ang ilan sa mga talatang mula sa sangguniang mga banal na kasulatan sa bahaging ito upang makita ang ilan sa mga mensaheng ito ng pag-asa.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Pangako sa mga Magtatagumpay**

| | |
|---|---|
| Apocalipsis 2:7 | Apocalipsis 3:5 |
| Apocalipsis 2:11 | Apocalipsis 3:12 |
| Apocalipsis 2:17 | Apocalipsis 3:21 |

## “Siya’y Mananahan sa Kanila, at Sila’y Magiging mga Bayan Niya” 46

***Apocalipsis 5–6; 19–22***

- Ang isang bagay na natutuhan natin mula sa kabanata 6 ng Apocalipsis ay ang nakipaglaban si Satanas sa mabubuti sa kabuuan ng kasaysayan ng mundo. Ayon sa Apocalipsis 6:4–11, ano ang ilang paraan kung paano niya nagawa ito? Anong mga paraan (taktika) ang ginagamit ni Satanas ngayon sa pagsisikap na magapi ang mabubuti? Paano natin

mapananatili ang pag-asa at ang positibong pananaw habang nakikipaglaban tayo sa digmaan laban kay Satanas?

- Ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ang magpapasimula sa Milenyo, isang libong taong panahon kung kailan personal na maghahari si Cristo sa mundo. Ano ang mangyayari kay Satanas sa Milenyo? (Tingnan sa Apocalipsis 20:1–3.) Ano na ang magiging kalagayan ng buhay kapag naigapos na si Satanas? (Tingnan sa 1 Nephi 22:26; Doktrina at mga Tipan 45:55, 58.) Paano natin malilimitahan ang kapangyarihan ni Satanas sa ating buhay sa ngayon?

**Mungkahi para sa Talakayan ng Pamilya**

Basahin ang Apocalipsis 20:1–3, na nagpapakita na si Satanas ay igagapos sa Milenyo. Pagkatapos ay bigyan ang mga miyembro ng pamilya ng mga bagong pahayagan o magasin. Patingnan sa kanila ang mga pahayagan o magasin at sabihin kung aling lathalain ang maaaring umiral o maaaring hindi na rin umiral sa pahayagan o magasin sa Milenyo.

**Sangguniang mga Banal na Kasulatan: Mga Salita ng Pag-asa at Aliw sa Aklat ng Apocalipsis**

Apocalipsis 3:20

Apocalipsis 7:13–17

Apocalipsis 21:3–7

Apocalipsis 22:1–7

Apocalipsis 22:17

## Mga Turo ng mga Propeta sa mga Huling Araw Tungkol sa mga Pagpapalang Dulot ng Pag-aaral ng Banal na Kasulatan

“Saliksikin ang mga banal na kasulatan—saliksikin ang mga paghahayag na inilalathala natin, at itanong sa Ama sa langit, sa pangalan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, na ipaalam sa inyo ang katotohanan, at kung gagawin ninyo ito nang nakatuon ang mata sa Kanyang kaluwalhatian nang walang pag-aalinlangan, kayo ay sasagutin niya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Banal na Espiritu. Sa gayon ay malalaman ninyo sa inyong sarili at hindi kayo aasa sa patotoo ng iba. Hindi na kayo aasa sa tao para sa kaalamang tungkol sa Diyos; ni hindi na ninyo pag-iisapan pa. Hindi; dahil kapag natanggap ng tao ang kanilang tagubilin mula sa Kanya na lumikha sa kanila, ay alam nila kung paano Niya sila ililigtas” (Joseph Smith, *Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 11–12).

“Nagpapasalamat ako sa pagbibigay-diin sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Inaasahan ko na para sa inyo ito ay magiging higit na kasiya-siya sa halip na ituring na isang tungkulin; na, sa halip, ito ay magiging pakikipagsuyuan sa salita ng Diyos. Ipinapangako ko sa inyo na habang nagbabasa kayo, ang inyong mga kaisipan ay maliliwanagan at ang

inyong mga espiritu ay maiaangat. Sa umpisa ay tila mahirap itong gawin, ngunit ito ay mababago at magiging kagila-gilalas na karanasan sa pamamagitan ng mga kaisipan sa salitang nauukol sa mga bagay na banal" (Gordon B. Hinckley, "The Light Within You," *Ensign*, Mayo, 1995, 99).

"Habang binabasa ninyo ang buhay at turo ng Panginoong Jesucristo, kayo ay mas mapapalapit sa Kanya na siyang may-akda ng ating kaligtasan" (Gordon B. Hinckley, "Rise to the Stature of the Divine within You," *Ensign*, Nob. 1989, 97).

"Kapag sinusunod natin ang payo ng ating mga pinuno na basahin at pag-aralan ang mga banal na kasulatan, ay maraming uri ng pakinabang at pagpapala ang darating sa atin. Ito ang pinakakapaki-pakinabang sa lahat ng bagay na maaari nating mapag-aaralan" (Howard W. Hunter, sa Conference Report, Okt. 1979, 91; o *Ensign*, Nob. 1979, 64).

"Kapag palagiang isinusubsob ng bawat miyembro at mga pamilya ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan, . . . ang iba pang mga gawain ay sadyang darating na lamang. Madaragdagan ang mga patotoo. Pag-iibayuhin ang taimtim na mga pangako. Lalakas ang mga pamilya. Dadaloy ang pagtanggap ng sariling paghahayag" (Ezra Taft Benson, "The Power of the Word," *Ensign*, Mayo 1986, 81).

"Huwag nating ipagwalang-bahala ang dakilang mga bagay na natanggap natin mula sa kamay ng Panginoon! Ang Kanyang salita ang isa sa mga pinakamahalagang regalo na ipinagkaloob Niya sa atin. Hinihimok ko kayo na muling ipangako sa inyong sarili na pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Isubsob ninyo ang inyong sarili sa mga ito sa araw-araw upang mapasainyo ang kapangyarihan ng Espiritu na tutulong sa inyo sa lahat ng inyong mga tungkulin. Basahin ang mga ito sa inyong mga pamilya at turuan ang inyong mga anak na mahalin at pahalagahan ang mga ito" (Ezra Taft Benson, "The Power of the Word," *Ensign*, Mayo 1986, 82).

*"Napapansin ko na kapag nagaging pangkaraniwan ang aking pakikipag-ugnayan sa kabanalan at kapag tila walang banal na taingang nakikinig at walang banal na tinig na nagsasalita, na ako ay malayo, malayung-malayo. Kapag isinusubsob ko ang aking sarili sa mga banal na kasulatan ang agwat ay kumikitid at nagbabalik ang espirituwalidad. Natatagpuan ko ang aking sarili na higit na nagmamahal sa mga kailangan kong mahalin nang aking buong puso at kaisipan at lakas, at minamahal sila nang mas higit pa, nagiging mas madali para sa akin ang sumunod sa kanilang payo*"

"Naniniwala na ako na ang bawat isa sa atin, kahit paano sa ating buhay, ay kailangang tuklasin ang mga banal na kasulatan para sa ating sarili—at hindi lamang tuklasin nang minsan, kundi paulit-ulit na tuklasin ang mga ito" (Spencer W. Kimball, "How Rare a Possession—the Scriptures!" *Ensign*, Set. 1976, 4).

"Sa palagay ko ang mga taong nag-aaral ng mga banal na kasulatan ay nagkakaroon ng pananaw sa kanilang buhay na hindi nakakamtan ng ibang tao at hindi makakamtan sa ibang paraan maliban sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Nadaragdagan ang pananampalataya at ang pagnanais na gawin ang tama at nakadarama ng inspirasyon at pang-unawa na nagmumula sa mga taong nag-aaral ng ebanghelyo—lalo na ang

Pamantayang mga Banal na Kasulatan—at pinagbubulay-bulay ang mga alituntunin, na hindi darating sa ibang paraan" (Bruce R. McConkie, sa *Church News*, ika-24 ng Ene. 1976, 4).

"Hinahamon ko ang bawat Banal sa mga Huling Araw na magkaroon ng kaalaman at pang-unawa sa mga banal na kasulatan. Ang mga sagradong aklat na ito ang ating pananggalang na pangdepensa laban sa tusong kalaban" (Marvin J. Ashton, sa Conference Report, Okt. 1977, 110; o *Ensign*, Nob. 1977, 73).

"Ipinapangako ko sa inyo na ang araw-araw na panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya ay magtatayo sa mga dingding ng inyong tahanan ng kapanatagan at pagsasama na magpapayaman sa inyong buhay at maghahanda sa inyong mga pamilya sa pagharap sa mga hamon sa ngayon at sa darating na kawalang-hanggan" (L. Tom Perry,

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

4 02356 82893 0
35682 893